
# Ang Mga Inisasyon Pagkatapos ng Taong 1977



Isang Matibay na Dokumentaryo at Ebidensyang Naaayon sa Śāstra bilang Pagsuporta sa Ṛtvik na Sistema ng mga Inisasyon na Itinaguyod ni Śrīla Prabhupāda

---

*Isang Sanaysay ng Paninindigan (Document of Standpoint) Likha ng International Sri Krishna Mandir*

*Bersyon 1.1*

Inihahandog sa

**Kanyang Banal na Pagpapala**
**A. C. Bhaktivedanta Swami Prabhupāda**

Tagapagtatag-*Ācārya* ng International Society for Krishna Consciousness

Siya na may kabutihang loob na bumuo ng tahanan na kung saan ang buong mundo ay makakapanirahan nang buong kapayapaan

# Paunang Salita

Sa oras ng pagkompila ng aklat na ito, ngayon ay taong 2016, 39 na taon makalipas ang pisikal na paglisan ni Śrīla Prabhupāda mula sa ating makamundong paningin.

Noong huling 12 taon ng hayagang presensya ni Śrīla Prabhupāda, ang kilusang Hare Kṛṣṇa, sa ilalim ng transendental niyang paggabay, ay nangibabaw at naipakalat nang malayo at malawak sa anim na kontinente ng mundo, habang pinipili ang lahat ng mapapalad na mga kaluluwa at inihahanda ang mga ito upang makamit ang sukdulang landas pabalik sa Panginoon.

Ang kadalisayan ng kilusan ay hindi maitatanggi. Hindi nangangahulugan na ang kilusan ay walang kinakaharap na mga isyu noong panahong iyon. Maraming mga pagkakamali sa lahat ng antas ang nagawa ng ilang mga debotong hindi sapat ang ekspiryensya, subalit sa espirituwal niyang kalakasan, nagawang pamahalaan ni Śrīla Prabhupāda ang pangkalahatan ng kilusan sa buong mundo nang buong pagtitiyaga at mahigpit niyang sinanay ang kanyang mga disipulo patungo sa pagiging perpekto.

Isa sa mga pangunahing pakiusap niya sa kanyang mga disipulo hanggang sa kahuli-hulihang bahagi ng kanyang hayagang pananatili ay, "Ang pagmamahal ninyo sa akin ay maipakikita kung paano kayo makikipagtulungan sa bawat isa sa inyo kapag ako ay lumisan na."

"Hinihiling ko na ang isa at bawat Sangay ay mapananatili ang kanilang pagkakakilanlan at makipagtulungan **na panatilihin ang Ācārya sa sentro**. Sa ganitong prinsipyo, maaari tayong magbukas ng kahit ilan pang mga Sangay sa buong mundo."

— Liham ni Śrīla Prabhupāda's kay Kīrtanānanda,
noong ika-11 ng Pebrero 1967, sa San Francisco, California, USA

Ang ibig sabihin ng panatilihin ang Tagapagtatag-*Ācārya*, si Śrīla Prabhupāda, sa sentro ay panatilihin ang lahat ng kanyang tagubilin sa sentro. Sa pamamagitan lamang nito tayo makikibahagi na maisulong ang kilusan ng kamalayan kay Kṛṣṇa (Kṛṣṇa Consciousness Movement).

Ang panahon simula noong 1977, bagaman, ay naging kasaysayan ng katakut-takot na mga paglihis, pandaraya, kawalan ng tiwala at pag-asa, pag-aaway-away, pag-iinggitan at pati na karahasan.

Ito ay matalinong pamamaraan na makatarungang alamin ang pinagmulan at pairalin ang solusyon sa mga problemang ito. Katulad ng sinabi sa atin ni Śrīla Prabhupāda, “Walang panlabas na puwersa sa mundong ito na makapipigil sa ating kilusan. Masisira lamang ito mula sa loob.” Lahat ng ito ay nagmula sa hindi pagsunod sa mga utos ni Śrīla Prabhupāda.

Ang mga tagubilin ni Śrīla Prabhupāda ang nagsisilbing sinulid na nagbubuklod sa magandang kwintas ng mga perlas ng ating kilusan. Kapag ang mga ito ay hindi sinunod, ang sinulid ay mapipigtas at ang kwintas ay mawawala. Ito ang eksaktong nangyari lalong lalo na sa mga inisasyong naganap pagkatapos ng paglisan ni Śrīla Prabhupāda.

Ang saklaw ng aklat na ito ay:

1. Upang mapag-aralan ang huling mga tagubilin ni Śrīla Prabhupāda tungkol sa pamamaraan ng inisasyon na dapat sundin makalipas ng kanyang paglisan;

2. Upang mapagtibay ang katotohanan ng kanyang mga tagubilin na naayon sa śāstra at sa kaukulang kasaysayan;

3. Upang maipakita ang pinagbatayang śāstra na magpapaliwanag ng pinagmulan ng lahat ng mga suliranin sa loob ng Kilusan ng Kaalaman kay Kṛṣṇa (Kṛṣṇa consciousness movement) sa buong mundo, ang mga epekto nito at kung paano ito masosolusyunan.

Ang kabuuan ng aklat na ito ay nababase sa mga opisyal na dokumento ni Śrīla Prabhupāda at sinusuportahan ng mga sipi mula sa mga banal na kasulatan ng pagsasalin ni Śrīla Prabhupāda sa Bhagavad-gītā, Śrīmad Bhāgavatam at iba pang mga kauring literatura. Amin lamang tinangkang ikompila ito sa layuning mapaglingkuran ang kanyang misyon at ang mga debotong nagsisisilbing totoo sa kanyang misyon.

“Ang pangunahing kalakaran ng lipunang pantao ay ang pagsasaisip sa Kataastaasang Diyos sa lahat ng oras, ang maging deboto Niya, ang sumamba sa Kataastaasang Panginoon, at ang yumukod sa Kanya. Ang ācārya, o ang awtorisadong kinatawan ng Kataastaasang Panginoon, ang nagpapatibay ng mga prinsipyong ito, ngunit sa kanyang paglisan, muling naging magulo ang lahat. Ang mga perpektong disipulo ng ācārya ay sumubok na magresolba ng sitwasyon sa pamamagitan ng taos-pusong pagsunod sa mga tagubilin ng pinunong espirituwal."

— Śrīmad Bhāgavatam 4.28.48, Kahulugan

Ang aming taos-pusong pasasalamat sa Kanyang Pagpapala na si Sundar Gopāl Prabhu, ang Pangulo ng Templo ng Sri Krishna Mandir, Singapore at nakatataas na tagapagturo para sa International Sri Krishna Mandir, ang kalipunan ng mga templo. Siya ay direktang binigyan ng inisasyon ni Srila Prabhupada noong Enero ng 1977 at ginugol niya ang mahigit sa apat na dekada ng kanyang buhay sa taos-pusong paglilingkod kay Śrīla Prabhupāda at iniukol ang bawat araw sa masiyasat na pag-aaral sa mga transendental na aklat ni Śrīla Prabhupāda. Aktibo rin niyang ginagabayan ang mga debotong nais ibalik si Srila Prabhupada sa sentro ng kilusan at sama-samang manungkulan na may saloobin ng pakikipagtulungan para maisulong ang Kilusan ng Kamalayan kay Kṛṣṇa. Siya ang nagbigay ng inspirasyon at gumabay sa pagkompila ng sanaysay ng paninindigan (position paper) na ito *Ang mga Inisasyon Pagkatapos ng Taong 1977* para sa benepisyo ng bawat isa.

Ang dokumentaryo at pinagbatayang śāstra para sa aklat na ito ay sapat na sa ngayon. Kung may karagdagang sanggunian na makakalap sa hinaharap na mas makapagtitibay ng kaso, ito ay maaaring idagdag sa mga susunod na pagpapahayag. Gayon din, kung may mga bago o mahalagang argumentong lilitaw batay sa nilalaman ng aklat na ito, maaari din itong tukuyin sa mga susunod na paglalathala. Sa pagkakataon na may mga kailangang pagbabago, ang aklat na ito ay maaaring magkakaroon ng panibagong bersyon alinsunod dito. Ang kasalukuyang aklat na ito ay paglalaanan namin ng titulong *Ang mga Inisasyon Pagkatapos ng Taong 1977, Bersyon 1.1.*

Ang iyong mga alipin,
Ang Koponan sa International Sri Krishna Mandir

Mga Nilalaman

Introduksyon 9

Kabanata 1: Ebidensyang Dokumentaryo 13

1.1: Ang Pagsusuri ng "Tape ng Paghihirang (Appointment Tape)" 13

1.2: Ang Opisyal na Paghihirang ng mga Ṛtvik 18

1.3: Ang Pagsusuri ng Deklarasyon ng Habilin (Declaration of Will)

ni Śrīla Prabhupāda 24

1.4: Pangunahing mga Pag-Amin ni Tamāla Kṛṣṇa 27

(Ang Kalihim (secretary) ni Srila Prabhupada at Saksi sa Direktiba noong Ika-9 ng Hulyo, 1977)

Kabanata 2: Ebidensyang Pilosopikal 29

2.1: Kahulugan ng Dīkṣā (Inisasyon) 29 2.2: Sino ang Maaaring Maging Dīkṣā Guru? 31 2.2.1: Kuwalipikasyon ng Isang Dīkṣā Guru 32 2.2.2: Pahintulot ng Isang Dīkṣā Guru 34 2.3: Ang Palaisipan ng Parampara 36

2.3.1: Kailangan ba na Pisikal na Nabubuhay ang Dīkṣā Guru upang Tumanggap ng mga Disipulo? 36

2.3.2: Maaari ba Tayong Tumanggap ng mga Tagubilin
mula sa Hinalinhang mga Ācārya? 41

2.3.3: Binuwag nga ba ni Śrīla Prabhupāda
ang Tradisyong Pang-disipulo(Disciplic Tradition)? 42

2.3.4: "Subali't Sinabi ni Śrīla Prabhupāda ang Ganito Noon.." 44 2.4: Si Śrīla Prabhupāda ba Ang Śikṣā o Dīkṣā Guru ng ISKCON? 48

Kabanata 3: Pag-aaral na Naaayon sa Śāstra ukol sa mga 50 Paglihis

3.1: Pinagmulan ng mga Paglihis 51

3.2: Ang Paninindigan ng mga Lumihis at ng Kanilang mga Tagasunod 54 3.3: Paano Maiaayos ang Sitwasyon? 58 3.4: Paano Makikitungo sa mga Taong may Salungat na Pananaw? 60

Konklusyon 63

Apendiks A: Deklarasyon ng Habilin ni Śrīla Prabhupāda (Kopya mula sa Orihinal) 65 Apendiks B: Ang Pag-amin ni Tamāla Kṛṣṇa — Dec 3, 1980 71

# Introduksyon

Ang Kanyang Banal na Pagpapala, A.C Bhaktivedanta Swami Prabhupāda, bilang isang tunay na makapangyarihang ācārya, ay nanatiling tapat sa kanyang hinalinhan na mga ācāryas sa pangangaral ng Kamalayan kay Kṛṣṇa sa pinakadalisay nitong anyo at kaya naman siya ring nagdala ng sukatan ng pangangaral sa antas na hindi pa natatamo noon. Ang 500-taong propesiya ni Sri Caitanya Mahāprabhu na ang banal na pangalan ni Kṛṣṇa ay aawitin sa bawat bayan at nayon ng planetang ito ay naisakatuparan sa pamamagitan ng sariling pagsisikap ni Śrīla Prabhupāda. Hindi siya lumikha ng kahit anong bago. Kagaya ng palaging sinasabi ni Śrīla Prabhupāda, “Ang pagbabago ay nangangahulugan ng katampalasanan."

Gayon pa man, ito ay ang kanyang dalisay na talinong espirituwal kaya siya ay nakagawa ng iba't ibang transendental na teknikal na pagsasaayos upang maging angkop sa kasalukuyang panahon at pagkakataon sa layuning maisulong ang kilusang itinaguyod ni Panginoong Caitanya. Hindi natin dapat lituhin ang ating sarili na ang mga hindi kinaugaliang pagsasaayos na ito ay paglihis mula sa konklusyong nagpasalin-salin mula sa kanyang mga hinalinhan. Isa sa mga pagsasaayos na tinutukoy ay ang pagtatakda ng pag-chant ng 16 rounds kada araw, na kung saan ang orihinal na itinakda ay 64. Ang isa pa ay ang mga inisasyon na ginagawa sa sistemang ṛtvik.

Ang *Dīkṣā* o inisasyon, ay ang pinakamahalagang proseso ng pagreporma sa buhay ng sangkatauhan na kung saan itinatakda ang pormal na simula ng espirituwal na buhay ng isang tao sa ilalaim ng paggabay ng isang puno ng katapatang (bona fide) pinunong espirituwal (spiritual master).

*brahmāṇḍa bhramite kona bhāgyavān jīva*
*guru-kṛṣṇa-prasāde pāya bhakti-latā-bīja*

“Ayon sa kanilang karma, ang lahat ng nabubuhay na nilalang ay naglalakbay sa buong sansinukob. ...Sa milyon milyong nilalang na ito na patuloy na naglalakbay, ang isang taong sadyang pinakamapalad ay nakatatamasa ng pagkakataon na makisalamuha sa puno ng katapatang pinunong espirituwal sa ilalim ng pagpapala ni Kṛṣṇa. Sa biyaya nila Kṛṣṇa at ng pinunong espirituwal, ang taong ito ay nakatatanggap ng binhi ng serbisyong debosyonal.”

— Caitanya-caritāmṛta, Madhya-līlā 19.151

Bagama't ang prinsipyo ng guru, o pinunong espirituwal, ay iisa, ang mga guru ay teknikal na nahahati sa apat na uri. Lahat sila ay tumutulong upang ang nakatadhanang kaluluwa (conditioned soul) ay makapanahan sa lotus feet ni Kṛṣṇa.

1. ***Vartma-pradarśaka guru —*** Ang pinunong espirituwal na siyang unang nagbibigay ng impormasyon ukol sa buhay espirituwal.

2. ***Dīkṣā guru —*** Ang pinunong espirituwal na siyang nagbibigay ng inisasyon ayon sa mga regulasyon ng śāstra ay binabansagang dīkṣā guru (or initiator guru). Siya ay itinuturing ding eksternal na manipestasyon ng caitya guru. Ang bawat isa ay nakatakda lang na magkaroon ng isang dīkṣā guru.

3. ***Śikṣā guru —*** Ang pinunong espiritwal na siyang nagbibigay ng tagubilin upang umangat base sa mga tagubilin ng dīkṣā guru ay tinatawag na śikṣā guru (ang bawat isa ay maaaring magkaroon ng mahigit sa isang śikṣā guru).

4. ***Caitya guru —*** Ang pinakamataas na pinunong espirituwal Paramātmā, o Supersoul, na siyang gumagabay mula sa kalooban.

Ang *caitya guru* ay ang Supersoul, ang expansion ng Kataastaasang Personalidad ng Diyos. Sa natitirang 3 uri ng mga guru, ang *śikṣā guru* at ang *vartma-pradarśaka guru* ang siyang taos-pusong gumagawa ng kanilang nakatakdang tungkulin ng pangangaral (preaching) ukol sa Kamalayan kay Kṛṣṇa ayon sa utos ng *dīkṣā guru*. Sila mismo ay maaaring dalisay nang deboto o nasa punto pa lang ng pagiging dalisay. Ang posisyon ng dīkṣā guru naman, ay nagtatakda ng pinakamatinding responsibilidad na kung saan ang gurung ito ay nararapat na dalisay nang deboto ng Panginoong Kṛṣṇa at nararapat na binigyan ng kapangyarihan ng kanyang pinunong espirituwal upang maging *dīkṣā guru* o ang pinunong espirituwal na nagbibigay ng inisasyon.

Sa layunin na si Śrīla Prabhupāda ay makatanggap ng mga disipulo kahit pa man sa kanyang pisikal na paglisan, siya ay nagtaguyod ng isang sistema ng inisasyon na kung saan ang kanyang mga kinatawan, na tinatawag na ṛtviks (o kaparian) ang mamumuno ng inisasyon sa kanyang ngalan at ang transedental na kilusan, kaya naman, ay magpapatuloy nang walang hanggan.

Subali't sa ISCKON ngayon, ang salitang ṛtvik ay hindi mapalalagpas. Pangkalahatan nilang pinulaan ang salitang iyon. Ang kahit sino mang magpakilala sa publiko bilang ṛtvik ay itinuturing nilang pinakamatinding may sala. Kahit pa man, ito pa rin ang mismong salitang ginamit ng ating kagalang-galang na si Śrīla Prabhupāda nang siya ay tanungin tungkol sa inisasyon sa panghinaharap, lalo pa kung siya ay pisikal na nating hindi makakasama.

1. **Satsvarūpa:** "Kaya ang aming susunod na katanungan ay tungkol sa **mga inisasyon** sa panghinaharap, lalo pa **kung ikaw ay hindi na namin makakasama**. Gusto naming malaman kung paano gagawin ang una at ikalawang inisasyon."
2. **Śrīla Prabhupāda:** "Oo. Irerekomenda ko ang ilan sa inyo. Kapag ito ay naayos na. Irerekomenda ko ang ilan sa inyo para gumanap bilang nanunungkulang (officiating) ācārya."
3. **Tamāla Kṛṣṇa:** "Ang tawag ba dito ay ṛtvik-ācārya?"
4. Śrīla Prabhupāda: "**Ṛtvik**. Oo."

— Talakayan sa Silid kasama si Śrīla Prabhupāda,
sa Vṛndāvana, noon ika-28 ng Mayo, 1977

Ang sistemang ṛtvik ng mga inisasyon ay hindi samut-saring tambalan ng mga debotong masasama ang loob, sa halip, ito ay pinahintulutang pamamaraan na puno ng pagpapalang inihandog sa atin ni Śrīla Prabhupāda para sa benepisyo ng pangkalahatan.

# Kabanata 1: Ebidensyang Dokumentaryo

Para sa lahat ng mahahalagang paksa ng pamamahala ng ISKCON, si Śrīla Prabhupāda ay nagpalabas ng opisyal na mga dokumento na maliwanag na nagtala ng kanyang mga intensiyon.

Sa seksyong ito, ating titingnan ang konklusibo't, hindi maiitatangging ebidensya ng mga intensiyon ni Śrīla Prabhupāda tungkol sa pamamaraan ng inisasyon kapag wala na ang kanyang pisikal na presensya, na matatagpuan sa mga legal na dokumento ng ISKCON at opisyal na mga pagtatala ng konbersasyon sa pamamagitan ng audio.

Pag-aaralan natin ang sumusunod na tatlong mga dokumento sa seksyong ito:

1. Pagtatala sa Audio ng Konbersasyon noong ika-28ng Mayo, 1977
2. Liham/Direktiba noong ika-9 ng Hulyo,1977
3. Pagdedeklara ng Habilin ni Śrīla Prabhupāda (ika-5 ng Hunyo, 1977)

## 1.1: Ang Pagsusuri ng "Tape ng Paghihirang" (Appointment Tape)

Magsisimula tayo sa isang direktang tanong na inihain kay Śrīla Prabhupāda noong ika-28 ng Mayo, 1977. Itong inirekord na konbersasyong ito ay binansagan ng mga hindi awtorisadong guru ng ISKCON bilang —Tape ng Paghihirang (Appointment Tape)" na nagpapahiwatig na dito hinirang ni Śrīla Prabhupāda ang kanyang mga tagasunod bilang mga guru sa konbersasyong ito. Kilatisin natin ito ngayon:

---

**TALAKAYAN SA SILID — sa Vṛndāvana, noong ika-28 ng Mayo 1977**

1. **Satsvarūpa:** "Kaya ang aming susunod na katanungan ay tungkol sa mga inisasyon sa panghinaharap, lalo pa kung ikaw ay hindi na namin makakasama. Gusto naming malaman kung paano gagawin ang una at ikalawang inisasyon."
2. **Śrīla Prabhupāda:** "Oo. Irerekomenda ko ang ilan sa inyo. Kapag ito ay naayos na. Irerekomenda ko ang ilan sa inyo para gumanap bilang nanunungkulang (officiating) ācārya."

3. **Tamāla Kṛṣṇa:** "Ang tawag ba dito ay ṛtvik-ācārya?"
4. **Śrīla Prabhupāda:** "Ṛtvik. Oo."
5. **Satsvarūpa:** “Ano ang kaugnayan ng taong ito na nagbibigay ng inisasyon at ng..."
6. **Śrīla Prabhupāda:** “Siya'y guru. Siya‘y guru."
7. **Satsvarūpa:** “Pero ginagawa niya iyon sa ngalan mo."
8. **Śrīla Prabhupāda:** “Oo. Ito ay pormalidad. Dahil sa aking presensiya, siya ay hindi dapat maging guru, kaya sa ngalan ko. Sa aking utos, āmāra ājñāya guru haña, ay magiging guru. Pero sa utos ko.
9. **Satsvarūpa:** “Kaya sila ay maaaring ituring na iyong mga disipulo?"
10. **Śrīla Prabhupāda:** “Oo, sila ay mga disipulo pero maituturing na... sino..."
11. **Tamāla Kṛṣṇa:** “Hindi. Ang tinatanong niya ay kung ang mga ṛtvik-ācārya na ito, sila ang nanunungkulan, sila ang nagbibigay ng dīkṣā, kanilang - ang mga taong binibigyan nila ng dīkṣā, - kaninong disipulo sila?"
12. **Śrīla Prabhupāda:** “Sila ay kanyang mga disipulo."
13. **Tamāla Kṛṣṇa:** “Sila ay kanyang mga disipulo."
14. **Śrīla Prabhupāda:** “Kung sino ang nagbibigay ng inisasyon... Ang kanyang mga pangunahing disipulo.."
15. **Satsvarūpa:** “Kaya naman kami ay may katanungan ukol sa..."
16. **Śrīla Prabhupāda:** “Kapag iniutos ko na ikaw ay maging guru, ikaw ay magiging regular na guru. Yun lang. Siya ay magiging disipulo ng aking disipulo. Tingnan na lamang.”

## Ang Pagsusuri

Ang konbersasyon na nasa itaas ay bahagyang nakalilito sa una. Gumawa tayo ngayon ng isang walang pinapanigang pagsusuri ukol dito para makatamo ng mas malinaw na perspektibo. Kilatisin natin ito kada linya.

1. **Satsvarūpa:** "Kaya ang aming susunod na katanungan ay tungkol sa mga inisasyon sa panghinaharap, lalo pa kung ikaw ay hindi na namin makakasama. Gusto naming malaman kung paano gagawin ang una at ikalawang inisasyon."
2. **Śrīla Prabhupāda:** "Oo. Irerekomenda ko ang ilan sa inyo. Kapag ito ay naayos na. Irerekomenda ko ang ilan sa inyo para gumanap bilang nanunungkulang (officiating) ācārya."
3. **Tamāla Kṛṣṇa:** "Ang tawag ba dito ay *ṛtvik-ācārya*?”
4. **Śrīla Prabhupāda:** "*Ṛtvik*. Oo."

Sa punto #1 sa itaas, ang tanong ay tuwiran at simple. Sinagot ni Śrīla Prabhupāda nang payak sa punto #2 at punto #4 na ṛtvik ang tinutukoy niya dito. Bagama‘t ang

konbersasyon ay naging mas nakalilito nang lumaon, ibinigay ni Śrīla Prabhupāda dito ang posibleng pinakamalinaw na sagot — ang ṛtvik.

Siya nga pala, ano ang kahulugan ng salitang ṛtvik? Mayroong 17 na sanggunian sa salitang ito sa mga aklat ni Śrīla Prabhupāda at ito ay nangangahulugan lamang palagi ng isang bagay—isang pari. Ang pari ang siyang nagdaraos ng seremonya sa ngalan ng sino man. Ang papel niya ay magdaos lamang ng seremonya. Siya ay iba pa sa ācārya o guru na may mas mataas na kuwalipikasyon pati na rin responsibilidad.

Ang kuwalipikasyon ng isang ācārya ay ang pagiging dalisay na deboto ni Kṛṣṇa at nararapat siyang magbigay ng transendental na kaalaman upang mapawi ang kamangmangan ng isang disipulo. Ang disipulo ay sinasamba rin ang kanyang guru bilang kanyang walang hanggang pinuno katulad ng binabanggit na mga salita ni Śrīla Narottama dāsa Ṭhākura — cakṣu dāna dila jei janme janme prabhu sei. Subali't ang ṛtvik ay hindi nagtataglay ng ganitong posisyon.

5. **Satsvarūpa:** Ano ang kaugnayan ng taong ito na nagbibigay ng inisasyon at ng..."
6. **Śrīla Prabhupāda:** —Siya'y guru. Siya'y guru."

Sa punto #5, tinatanong ni Satsvarūpa ang kaugnayan ng ṛtvik at ng disipulo subali't hindi niya naipahayag nang tama ang kanyang tanong. Itinanong niya ang kaugnayan sa pagitan ng nagbibigay ng inisasyon at ng disipulo. Mahalagang itakda dito na ang tinutukoy na tagapagbigay ng inisasyon o guru ay si Śrīla Prabhupāda at ang tinutukoy na ṛtvik ay isa lamang kinatawan na nanunungkulang magdaos ng inisasyon. Kaya naman ang kasagutan ni Śrīla Prabhupāda sa punto #6 ay ang tagapagbigay ng inisasyon (na si Śrīla Prabhupāda) ay ang guru ng bagong disipulo.

7. **Satsvarūpa:** "Pero ginagawa niya iyon sa ngalan mo."
8. **Śrīla Prabhupāda:** "Oo. Ito ay pormalidad. Dahil sa aking presensiya, siya ay hindi dapat maging guru, kaya sa ngalan ko. Sa aking utos, āmāra ājñāya guru haña ay magiging guru. Pero sa utos ko.

Sa punto #7, si Satsvarūpa ay sinusubukang linawin kung ano ang kanyang naunawaan. Sa punto #8, ipinahiwatig ni Śrīla Prabhupāda na hindi magandang asal na maging guru kapag ang isang guru ay pisikal na narito pa. Pero gayon pa man, agad niyang idinagdag na sa kanyang paglisan, ang mga ṛtvik ay hindi awtomatikong magiging mga guru subalit kailangang maghintay ng kanyang utos upang maging ganoon. . "Sa aking utos..." Ito ay maalam na pagtuunang pansin na dito si Śrīla Prabhupāda ay nagsasabi ng kanyang utos para sa hinaharap. Ito ay nangangahulugan na ang tape na ito ay hindi maaaring bansagan bilang —Tape ng

Paghihirang (Appointment Tape)" sapagka‘t siya ay hindi naman naghihirang ng kahit sino man dito bagama‘t siya ay tumutukoy sa panghinaharap.

9. **Satsvarūpa:** “Kaya sila ay maaaring ituring na iyong mga disipulo?"
10. **Śrīla Prabhupāda:** “Oo, sila ay mga disipulo pero maituturing na... sino..."
11. **Tamāla Kṛṣṇa:** “Hindi. Ang tinatanong niya ay kung ang mga ṛtvik-ācārya na ito, sila ang nanunungkulan, sila ang nagbibigay ng dīkṣā, kanilang - ang mga taong binibigyan nila ng dīkṣā, - kaninong disipulo sila?"
12. **Śrīla Prabhupāda:** “Sila ay kanyang mga disipulo."
13. **Tamāla Kṛṣṇa:** “Sila ay kanyang mga disipulo."
14. **Śrīla Prabhupāda:** “Kung sino ang nagbibigay ng inisasyon... Ang kanyang mga pangunahing disipulo.."
15. **Satsvarūpa:** “Kaya naman kami ay may katanungan ukol sa..."
16. **Śrīla Prabhupāda:** “Kapag iniutos ko na ikaw ay maging guru, ikaw ay magiging regular na guru. Yun lang. Siya ay magiging disipulo ng aking disipulo. Tingnan na lamang.”

Sa punto #10, tila hindi naintindihan ni Śrīla Prabhupāda ang tanong ni Satsvarūpa sa punto #9. Kaya naman nilinaw ni Tamāla Kṛṣṇa ang tanong sa punto #11. Katunayan, ang sagot ni Śrīla Prabhupāda sa tanong na ito ay nasa kombinasyon ng punto #12 at punto #14. Ito ay nangangahulugang, sabi niya, —Sila ang kanyang mga disipulo kung sino ang nagbibigay ng inisasyon". Ibig sabihin, sila ay mga disipulo ni Śrīla Prabhupāda sapagka‘t siya ang nagbibigay ng inisasyon, at ginagawa niya ang mga ṛtvik bilang kanyang kinatawan sa seremonyas. Ngunit sa kalagitnaan ng sagot niyang ito, inulit na ni Tamāla Kṛṣṇa ang mga salita ni Śrīla Prabhupāda sa punto #13. Kaya naman, ang mga pahayag ni Śrīla Prabhupāda ay lumitaw na magkahiwalay.

Habang sa punto #14 muli, binabanggit niya ang salitang‗pangunahing disipulo‘. Sinubukan ni Satsvarūpa na magtanong ng panibago sa punto #15 subali't, sa punto #16, itinuloy lang ni Śrīla Prabhupāda ang kanyang pahayag mula sa punto #14 na ang isa ay magiging pangunahing disipulo niya sa pagkakataon lamang na iniutos niya na ang kahit sino sa kanyang mga disipulo na maging guru. Pagkatapos nito, nilinaw ni Śrīla Prabhupāda na kailangan nilang maghintay sa utos niya na sila ay maging, ayon sa kanyang termino‗regular na guru‘. Walang utos na naroon sa mga oras ng konbersasyon na ito. Kaya naman, ito ay hindi maituturing bilang ang nai-anunsyong —Tape ng Paghihirang."

## 1.2: Ang Opisyal na Paghihirang (Appointment) ng mga Ṛtvik

Hindi iniwan ni Śrīla Prabhupāda ang hinaharap ng ISCKON na nakabitin sa ere na may hindi maliwanag na konbersasyon (noong ika-28 ng Mayo, 1977). Katunayan, nagbigay siya ng nakalimbag na direktiba sa lahat ng mga templo sa mundo upang maliwanag na ihain ang kanyang intensiyon. Ngayon, tingnan natin nang mabuti ang direktiba na ito, na siyang sumusunod na bahagi ng ebidensiya – isang liham noong ika-9 ng Hulyo, 1977.

Isang kuha ng orihinal na liham ang isinama sa ibaba. Ito ay may kahirapang basahin. Kaya naman isinama rin namin ang kabuuang pagtatala sa nilalaman ng liham matapos ang kuhang ito. Subali‘t sa ngayon, nais naming kunin ang inyong atensiyon sa mga lagda nila Śrīla Prabhupāda at Tamāla Kṛṣṇa Gosvāmī (ang personal na sekretarya ni Śrīla Prabhupāda‘s noong mga panahon na iyon) na matatatagpuan sa dulo ng liham. Sa pamamagitan ng dalawang lagdang ito, ang dokumentong ito ay maituturing na legal. Ang pangkalahatan ng ISCKON ay nararapat na sumunod sa direktiba na ito nang walang katanungan.

Sa ibaba, makikita ninyo ang buo at malinaw na pagtatala ng liham upang madali at malinaw ninyong mabasa ang nilalaman nito.

---

**ANG LIHAM NOONG IKA-9 NG HULYO, 1977**
**(KOPYA MULA SA ORIHINAL)**

Hulyo ika-9, 1977

Sa lahat ng G.B.C., at mga Pangulo ng Templo

Mahal kong mga Mahārājas and Prabhus,

Nakikiusap ako na tanggapin ninyo ang mapagpakumbaba kong paggalang sa inyong mga paanan. Kamakailan, nang ang lahat ng mga miyembro ng GBC ay kasama ang Kanyang Banal na Pagpapala sa Vṛndāvana, ipinahiwatig ni Śrīla Prabhupāda na sa lalong madaling panahon ay maghihirang Siya ng ilan sa Kanyang nakatataas na mga disipulo upang kumilos bilang "rittik"—kinatawan ng ācārya, para sa layunin nang pagdaraos ng mga inisasyon, kasama pareho ang una at ikalawang inisasyon. Ang Kanyang Banal na Pagpapala ay nagbigay ng listahan ng labing-isang disipulo na siyang kikilos sa kapasidad na iyon:

Ang Kanyang Kabanalan Kirtanananda Swami
Ang Kanyang Kabanalan Satsvarupa das Gosvami
Ang Kanyang Kabanalan Jayapataka Svami
Ang Kanyang Kabanalan Tamala Kṛṣṇa Gosvami
Ang Kanyang Kabanalan Hrdayananda Gosvami
Ang Kanyang Kabanalan Bhavananda Gosvami
Ang Kanyang Kabanalan Hamsadutta Swami
Ang Kanyang Kabanalan Ramesvara Swami
Ang Kanyang Kabanalan Harikesa Swami
Ang Kanyang Pagpapala Bhagavan das Adhikari
Ang Kanyang Pagpapala Jayatirtha das Adhikari

Sa nakaraang panahon, ang mga Pangulo ng Templo ay sumulat kay Śrīla Prabhupāda na nagrerekomenda ng partikular na mga deboto para sa inisasyon. Ngayon na pinangalanan na ni Śrīla Prabhupāda ang mga kinatawan na ito, ang mga Pangulo ng Templo simula ngayon ay maaari nang magpadala ng rekomendasyon para sa una at ikalawang inisasyon sa kahit sino sa labing-isang kinatawan ang malapit sa kanilang templo. Matapos isaalang-alang ang rekomendasyon, ang mga kinatawan na ito ay maaaring tanggapin ang isang deboto bilang disipulo na nabigyan ng inisasyon ni Śrīla Prabhupāda sa pamamagitan ng pagbibigay ng espiritwal na pangalan, o sa kaso ng ikalawang inisasyon, sa pamamagitan ng pag-chant sa sinulid ng Gayathri, katulad ng ginawa ni Śrīla Prabhupāda. Ang mga bagong deboto na nabigyan ng inisasyon ay magiging disipulo ng Kanyang Banal na Pagpapala A.C. Bhaktivedanta Swami Prabhupāda, ang labing-isang nakatataas na mga debotong nakatala sa itaas ay kumikilos bilang mga kinatawan niya. Matapos na ang Pangulo ng Templo ay makatanggap ng liham mula sa mga kinatawang ito na nagbibigay ng espiritwal na pangalan o ng sinulid, maaari na siyang magdaos ng fire yajna sa templo katulad ng dating ginagawa. Ang pangalan ng bagong disipulong nabigyan ng inisasyon ay kailangang ipadala ng kinatawan na tumanggap sa kanya para kay Śrīla Prabhupāda, upang isama sa aklat ng Kanyang Banal na Pagpapala, —Ang mga Disipulong Nabigyan ng Inisasyon."

Umaasa na makarating ito sa inyong lahat nang maayos.

Ang Inyong Alipin,
(ang lagda ay makikita sa orihinal na dokumento)

Tamāla Kṛṣṇa Gosvami
Kalihim (Secretary) kay Śrīla Prabhupāda

Inaprubahan (ang lagda ni Śrīla Prabhupāda ay makikita sa orihinal na dokumento)

**Pagsusuri sa Liham noong Ika-9 ng Hulyo, 1977**

1. Ito ay nagiging singlinaw ng kristal dito. Ganito ang estilo ng pamamahala ni Śrīla Prabhupāda. Ano man ang mahahalagang direktiba ay isinusulat at ipinamamahagi sa lahat ng mga templo sa mundo, at hindi ibinibigay lamang sa isang walang linaw na pamamaraan sa nakalilitong, pribadong konbersasyon sa isang silid.

2. Pagtuunan ng pansin na sa unang talata ng liham na nabanggit, si Tamāla Kṛṣṇa Gosvāmī ay tumutukoy sa kamakailan lang na pagpupulong sa Vṛndāvana ng lahat ng mga miyembro ng GBC at ni Śrīla Prabhupāda para sa layunin na linawin ang proseso ng inisasyon. Ito ang eksaktong sangkap ng konbersasyon noong ika-28 ng Mayo,1977. Kaya naman, kung kayo ay nalito sa pagbasa ng konbersasyon o tila hindi pa rin malinaw bagama't mayroon nang pagsusuring isinaad sa itaas, narito ang pinalinaw na anyo nito. Ang liham na ito ay tuwirang tumutukoy sa konbersasyong iyon.

3. Higit rito, mahalagang isaisip natin kung paano nagsimula ang konbersasyon noong ika-28 ng Mayo. Alalahanin natin ang katagang, "lalo na kung ikaw ay hindi na namin makakasama?" Kaya ang lahat ay walang dudang tumutukoy sa panahon pagkatapos ng pisikal na paglisan ni Śrīla Prabhupāda'. Kailangan nating basahin ang buong liham sa kontekstong iyon.

4. Ang liham ay nagsimula sa pahayag na si Śrīla Prabhupāda ay maghihirang ng rittik (pagbigkas ng salitang ṛtvik sa Bengali) kinatawan ng ācārya. Malinaw na hindi siya naghirang ng kahit sinong guru. Walang kasing linaw si Śrīla Prabhupāda sa pagkakataong ito.

5. Pagkatapos, nilinaw niya na ang labing isang pangalan na binanggit ay kikilos sa kapasidad bilang ṛtviks – habang inuuulit na sila ay hindi hinirang bilang mga guru.

6. Ang susunod na malaking bagay ay matatagpuan matapos mabanggit ang 11 na mga pangalan. Ang salitang "simula ngayon" ay tumutukoy ng agarang simula subali't isang hindi malinaw na katapusan o kahit man lamang isa pang direktiba sa hinaharap na papalit dito sa direktiba na ito. At sa katunayan, hindi nagbigay si Śrīla Prabhupāda ng panibagong direktiba pagkatapos nito na nagsasabing ang 11 na taong ito ay awtomatikong magiging guru matapos ang kanyang pisikal na paglisan. Higit pa, ang salitang ito ay kailangang maunawaan ayon sa konteksto ng orihinal na

katanungan noong ika-28 ng Mayo, 1977 na konbersasyon, kung saan sinabi ni Satsvarūpa dāsa Gosvāmī, "lalo na kung ikaw ay hindi na namin makakasama."

7. Pagkatapos, sinabi dito na ang mga rekomendasyon para sa inisasyon ay kailangang ipadala ng mga Pangulo ng Templo "sa kung sino man sa labing-isang mga kinatawan na ito ang pinakamalapit sa kanilang templo." Ang salitang ‗pinakamalapit' ay nagpapahiwatig ng kaginhawahan dahil sa pagiging malapit, at hindi ang sagradong relasyon ng guru at ng disipulo na nakabase sa malalim nang pagtitiwala. Pinaka-angkop itong naipaliwanag sa pag-amin na ginawa ni Tamāla Kṛṣṇa Gosvāmī noong 1980 (Apendiks B) kaya: "Ito ay napakahalagang punto, dahil pagdating sa inisasyon, kung hindi ito ayon sa kung sino ang pinakamalapit, ito ay kung saan patutungo ang puso mo. Kung sino para sa iyo ang pinananaligan mo, sa kanya mo nanaisin makatanggap ng inisasyon. Subali't kapag sa pagdaraos nito, ito ay kung sino ang pinakamalapit, at siya ay sadyang naging malinaw ukol dito. Pinangalanan niya sila. Sila ay lumaganap sa buong mundo, at sinabi niya, 'Kung sino ang pinakamalapit sa iyo, puntahan mo lang ang taong iyon, at sila ang magsusuri sa iyo. Pagkatapos, sa ngalan ko, sila ang magdaraos ng inisasyon.'"

8. Pagkatapos, sa susunod na talata ng liham, makikita natin ang mga pahayag na hindi maitatangging tumutukoy sa pagnanais ni Śrīla Prabhupāda na maghirang ng mga ṛtvik na kinatawan ng ācārya (ang kanyang sarili) at ang hindi mapag- aalilanganan niyang posisyon bilang dīkṣā-guru ng ISKCON:

    a. "...ang mga kinatawan na ito ay maaaring tanggapin ang deboto bilang disipulo ni Śrīla Prabhupāda na nakatanggap ng inisasyon"

    b. "Ang mga debotong bagong nabigyan ng inisasyon ay mga disipulo ng Kanyang Banal na Pagpapala A.C. Bhaktivedanta Swami Prabhupāda

    c. "Ang pangalan ng bagong disipulo na nakatanggap ng inisasyon ay kailangang ipadala ng kinatawan na tumanggap sa kanya para kay Śrīla Prabhupāda.."

    d. "upang isama sa aklat ng Kanyang Banal na Pagpapala, ―Ang mga Disipulong Nakatanggap ng Inisasyon"

9. Kagaya ng ating nakikita, ang parehong punto ay inulit ng 4 na beses. Sa isang aralin sa Srimad Bhagavatam 6.2.7 sa Vrndavana noong Setyembre 10, 1975, sinabi ni Śrīla Prabhupāda na, " Ang sastra na nagpapaalala sa atin ng

tatlong beses. Katulad ng kapag may ipinagdidiinan tayong bagay "Gawin mo ito! Gawin mo ito! Gawin mo ito!" Tatlong beses. Kaya naman ito ay binanggit ng tatlong beses, harer nama harer nama harer nama, upang hindi niya makalimutan. Upang hindi siya mailigaw ng tinatawag na Mayavadis iyong ano mang pangalan... Hindi. Harer nama, tatlong beses, harer nama harer nama harer nama eva [Caitanya-caritamrita Adi-lila 17.21], muli eva. Kaya naman muli'y tatlong beses: kalau nasty eva nasty eva nasty eva gatir anyatahah. Hindi ka maaaring lumihis sa prosesong ito. Walang ibang alternatibong proseso. Hindi mo maaaring sabihin na 'Ako ay makalalaya sa pamamagitan ng prosesong ito o ng prosesong iyon,' hindi." Kung ang pag-ulit ng tatlong beses ay nagagawang importante ang isang bagay, paano kung apat na beses kaya?

10. Maaaring ang sino man ay magtanong kung ano ang mangyayari kapag ang labing-isang ito ay pumanaw na o bumagsak mula sa kabanalan sa kahit ano mang kadahilanan.
    a. Ang pangungusap na nakasulat bago ang labing-isang kinatawan ay sinasabing "Ang Kanyang Banal na Pagpapala **sa ngayon** ay binigyan tayo ng listahan ng labing-isang disipulo na kikilos sa kapasidad na iyon:" Ang mga salitang "sa ngayon" ay nagpapahiwatig na walang intensiyon na gawin sila bilang ang huling listahan at ito mismo ang kinukompirma sa punto b sa ibaba.
    b. Si Tamāla Kṛṣṇa Gosvāmī, sa kanyang pag-amin noong 1980, ay nagbanggit ng pahayag na nagmula kay Śrīla Prabhupāda na nagsasabing: "Kapag kinakailangan, maaaring magdagdag ng iba."

Ang liham/direktiba na ito ay ebidensyang kasing-tatag ng bato na nagpapakita na si Śrīla Prabhupāda ay nagtakda ng inisasyon sa sistemang ṛtvik kaya naman buong puwersa niyang isinusulong ang punto na lahat ng mga disipulo ng kilusang ito sa hinaharap ay kanyang mga disipulo.

## 1.3: Ang Pagsusuri ng Deklarasyon ng Habilin (Declaration of Will) ni Śrīla Prabhupāda

Ang karagdagang ebidensiya ay nagmula sa Deklarasyon ng Habilin ni Śrīla Prabhupāda. Sadyang napakahaba ng Habiling ito para itala rito kaya't susuriin na lang natin ang mga punto na nagbibigay-diin sa posisyon ni Śrīla Prabhupāda bilang ang pinunong espirituwal na nagbibigay ng inisasyon (dīkṣā-guru) ng ISKCON. Upang makita ang kabuuan ng Habilin ni Śrīla Prabhupāda, maaaring sumangguni sa Apendiks A.

1. Ang Governing Body Commission (GBC) ang siyang magiging kataas-taasang kapangyarihang mangangasiwa sa pangkalahatan ng International Society for Krishna Consciousness.

    a. Ngayon, ipagpalagay natin na sa isang templo, si Ginoong A ang Pangulo ng Templo, si Ginoong B ang kinatawan ng GBC na nakatalaga sa sonang heograpikal kung saan nakatayo ang templo, at si Ginoong C ang guru ng Pangulo ng Templo. Ngayon, nanaisin ni Ginoong A na maging tapat na disipulo ni Ginoong C, at kung sakali na ang alituntunin ng kinatawan ng GBC na si Ginoong B ay taliwas sa alituntunin ng kanyang guru na si Ginoong C, pipiliin ni Ginoong A na maging tapat sa kanyang guru na si Ginoong C sa halip na sa kinatawan ng GBC na si Ginoong B. Subali't lumilikha ito ng pagsuway kay Śrīla Prabhupāda dahil ayon kay Śrīla Prabhupāda, ang GBC ay nararapat na maging kataas-taasang kapangyarihan na mangangasiwa, at hindi ang kung sino pa man.

    b. Ang konsiderasyon sa itaas ay nagpapahiwatig na sa pagsunod sa kasalukuyang sistema ng guru, ang isang disipulo ay puwersadong masaktan alinman sa kanyang guru o si Śrīla Prabhupāda sa mga magkasalungatna mga sitwasyon . Subali't kung susundin ang ṛtvik na sistema ng inisasyon, walang pagkakasalungatan na katulad nito ang magaganap.

2. Ang bawat templo ay magiging pag-aari ng ISKCON at pangangasiwaan ng tatlong eksekutibong direktor. Ang sistema ng pangangasiwa ay magpapatuloy kagaya ng kung ano ito ngayon at **hindi nito kakailanganin ang kahit anong pagbabago.**

    a. Sa pagpapakilala ng imahe ng guru sa eksena, ang sistema ng pangangasiwa ay magkakaroon ng pagbabago, na kung saan taliwas sa direktiba ni Śrīla Prabhupāda.

    b. Dahil sa hindi awtorisadong pagbabago na ito, ang kasaysayan ng ISKCON ay paulit-ulit na nagpapakita na sadyang nagkakaroon ito ng mga suliranin ng pangangasiwa dahil sa ang mga mas-mababa-sa-perpektong mga guru ay pilit na ipinapalaganap ang impluwensiya nila sa kanilang mga disipulo samantalang, ang Pangasiwaan ng Templo ay hindi nagkakaroon ng kahit anong kontrol sa kanila. Ang Pangasiwaan ng Templo ay nagkakaroon ng katakut-takot na pinsala nang dahil dito.

c. Higit pa, ang ganitong pagbabago ay taliwas sa kahulugan ng GBC ayon sa nilalaman ng pagpupulong ng GBC noong 1975. “Naresolba: Ang GBC (Governing Body Commission) ay itinatag ng Kanyang Banal na Pagpapala A.C. Bhaktivedanta Swami Prabhupada upang maging kinatawan niya sa pagtupad ng mga responsibilidad niya sa pangangasiwa ng International Society for Krishna Consciousness kung saan siya ang Tagapagtatag-Ācārya at kataas-taasang awtoridad. Tinatanggap ng GBC bilang kanyang buhay at kaluluwa ang Kanyang mga banal na tagubilin at kinikilala na ito ay ganap na nakasalalay sa Kanyang pagpapala sa lahat ng pang-unawa. **Ang GBC ay walang ibang tungkulin o layunin maliban sa isakatuparan ang mga tagubilin na matamang ibinigay ng Kanyang Banal na Pagpapala** at panatilihin at palaganapin ang Kanyang mg a Itinuro sa mundo sa dalisay nitong anyo."

- Kahulugan ng GBC, Resolusyon 1, nilalaman ng pulong ng GBC 1975

3. Sa punto #3 ng Habilin, bawat lupaing pag-aari ng ISCKON sa India ay ipinagkatiwala sa 3 eksekutibong mga direktor at ang pangalan ng mga lupain pati ang pangalan ng mga eksekutibong direktor ay binanggit. Pagkatapos, sinabi ito ni Śrīla Prabhupāda: Ang mga eksekutibong direktor na dito'y naatasan ay hinirang nang panghabangbuhay. Sa oras ng pagpanaw o kabiguan sa pagkilos sa kahit anong kadahilanan ng kahit sino sa mga direktor na nabanggit, isang bagong papalit na direktor o mga direktor ang maaaring hirangin ng natitirang mga director, sa kondisyon na ang bagong direktor ay aking disipulo na istriktong sumusunod sa lahat ng alituntunin at regulasyon ng International Society for Krishna Consciousness kagaya ng nakadetalye sa aking mga aklat, at sa kondisyon na hindi bababa ng tatlo (3) o hindi lalagpas ng limang (5) mga eksekutibong direktor ang manunungkulan sa oras na ito.

    a. Ipagpalagay natin na sa 2050, lahat ng mga disipulo ni Śrīla Prabhupāda na naroon sa panahon ng kanyang pisikal na presensya, ay papanaw na sa pagkakataong ito. Sino ngayon ang magiging mga direktor ng mga pag- aaring lupain na ito? Ang natatanging palagay ay nararapat na ang lahat ng mga disipulo ng kilusan na ito sa hinaharap ay mga disipulo ni Śrīla Prabhupāda at nabigyan ng inisasyon sa ilalim ng ṛtvik na sistema ng inisasyon na itinaguyod mismo ni Śrīla Prabhupāda.

a.

    b. Nang binasa ni Girirāja Svāmī ang balangkas ng Habilin kay Śrīla Prabhupāda noong Hunyo 2, 1977, ang mga salitang binigyang diin sa

itaas ay **“ang disipulo na nabigyan ng inisasyon”** subali‘t sa paynal na dokumento, makikita natin na ito ay binago sa **“ang aking disipulo na nabigyan ng inisasyon.”** Ipinakikita dito na sinadya ni Śrīla Prabhupāda na gawin ito.

Ang mga intensiyon ni Śrīla Prabhupāda sa deklarasyon ng kanyang Habilin ay kasang-ayon ng liham/direktiba noong ika-9 ng Hulyo, 1977 at ng konbersasyon noong ika-28 ng Mayo, 1977. Malinaw niyang tinukoy ang ṛtvik na sistema ng inisasyon kaya kusang-loob niyang nais na panatilihin ang kanyang posisyon bilang the dīkṣā guru ng ISKCON kahit pagkatapos ng pisikal niyang paglisan dito sa mundo.

## 1.4: Pangunanahing mga Pag-amin ni Tamāla Kṛṣṇa (Ang Kalihim ni Srila Prabhupada at Saksi sa Direktiba noong Ika-9 ng Hulyo, 1977)

Noong ika-22 ng Abril, 1977, kinailangan ni Tamāla Kṛṣṇa Gosvāmī na sabihin ito kay Śrīla Prabhupāda: "Mabuti, napag-aralan ko ang sarili ko at lahat ng iyong mga disipulo, at ito ay malinaw na katunayan na lahat tayo ay nakatadhanang mga kaluluwa (conditioned souls), kaya hindi tayo maaaring maging guru."

Noong ika-3 ng Disyembre, 1980, inamin ni Tamāla Kṛṣṇa Gosvāmī ang mga sumusunod: "Sa katunayan, hindi naghirang si Prabhupāda ng sino mang guru. [...] Siya ay naghirang ng labing-isang ṛtvik. Sila ay hindi niya hinirang na mga guru. Ako at ang iba pang GBC ay gumawa ng pinakamasamang serbisyo sa kilusang ito sa huling tatlong taon dahil ang paghirang ng mga ṛtvik ay binigyan naming ng kahulugan na paghirang ng mga gurus." Sa katunayan, sadyang sulit basahin ang kabuuan ng pag-amin na ito (Apendiks B) kung saan binigyang diin niya ang punto na si Śrīla Prabhupāda ay hindi naghirang ng sino mang *guru*.

# Kabanata 2: Ebidensiyang Pilosopikal

Hanggang sa ngayon, tiningnan natin ang ebidensyang dokumentaryo mula sa legal na mga dokumento at opisyal na pagtatala sa pamamagitan ng audio na kung saan ang katotohanan ay higit pa na hindi maitatanggi. Ngayon, bibisitahin natin ang prinsipyo ng guru-tattva mula sa pananaw na pilosopikal o hango sa banal na kasulatan upang maunawaan kung sino ang nararapat na maging buong katapatang guru, kung sino ang hindi nararapat, at upang mas mapagtibay ang pagkakaunawa natin sa mga tagubilin ni Śrīla Prabhupāda ukol sa inisasyon sa ISKCON pagkatapos ng taong 1977.

## 2.1: Ang Kahulugan ng Dīkṣā (Inisasyon)

Ang dīkṣā ay kombinasyon ng dalawang salita —‗Di‘ at ‗kṣa‘. Ang ‗di ay nangangahulugang divya-jñānam, transedental na kaalaman, at ang ‗kṣa‘ ay nangangahulugang kṣapayati, lipulin o puksain (ang mga reaksyong nagmula sa makasalanang mga gawain). (Ayon sa pagsasalin ng bawat salita sa Śrīmad Bhāgavatam 4.24.61 at Caitanya-caritāmṛta Antya-līlā 3.62). Kaya naman, ang dīkṣā ay nangangahulugang pagpapakilala ng transedental na kaalaman at ang kinahinatnan na paglipol ng reaksyong nagmula sa makasalanang mga gawain. Ang mga sumusunod na taludtod (verses) ay tumutukoy dito sa depinisyon ng salitang dīkṣā.

*divyaṁ jñānaṁ yato dadyāt kuryāt pāpasya saṅkṣayam*
*tasmāt dīkṣeti sā proktā deśikais tattva-kovidaiḥ*

"Ang *dīkṣā* ay ang proseso kung saan ang isang tao ay maaaring gisingin ang kanyang transedental na kaalaman at lupigin ang lahat ng mga reaksyon na nagmula sa makasalanang mga gawain. Ang isang taong eksperto sa pag-aaral ng inihayag na banal na mga kasulatan ay may kaalaman sa proseso bilang dīkṣā."

— Śrīla Jīva Gosvāmī‘s Bhakti-sandarbha (283), hango sa diwa ng Caitanya-caritāmṛta, Madhya-līlā 15.108

*tad viddhi praṇipātena paripraśnena sevayā*
*upadekṣyanti te jñānaṁ jñāninas tattva-darśinaḥ*

*yathaidhāṁsi samiddho 'gnir bhasma-sāt kurute 'rjuna*
*jñānāgniḥ sarva-karmāṇi bhasma-sāt kurute tathā*

“Subukang pag-aralan ang katotohanan sa pamamagitan ng paglapit sa pinunong espiritwal. Magtanong sa kanya nang may kababaang loob at mag-gawad ng serbisyo sa kanya. **Ang kaluluwa na may pagkakakilanlan sa sarili ay may kakayahang magbahagi ng kaalaman sa inyo** dahil nakita na niya ang katotohanan... Habang ang nagliliyab na apoy ay ginagawang abo ang mga kahoy na panggatong, O Arjuna, gayon din ang apoy ng kaalaman **na sumusunog hanggang maging abo ang lahat ng mga reaksyon patungo sa materyal na mga Gawain.**

— Bhagavad-gītā 4.34 at 4.37

*om ajñāna-timirāndhasya jñānāñjana-śalākayā*
*cakṣur unmīlitam yena tasmai śrī-gurave namaḥ*

“Ako ay isinilang sa **pinakamadilim na kamangmangan, at ang aking pinunong espiritwal ang nagbukas sa aking mga mata nang may tanglaw ng kaalaman.** Iniaalay ko ang mapitagang paggalang para sa kanya."

— Panimula sa Bhagavad-gītā As It Is

*cakṣu-dān dilo jei, janme janme prabhu sei,*
*divya-jñān hṛde prokāśito*
*prema-bhakti jāhā hoite, avidyā vināśa jāte*

“Binubuksan niya ang aking nanlalabong paningin at **pinupuno ang aking puso ng transedental na kaalaman.** Siya ang aking panginoon sa aking bawat kapanganakan. Mula sa kanya, ang kalugud-lugod na prema ay nagmumula; sa pamamagitan niya ang **kamangmangan ay nawasak.**”

— Śrī Guru-vandanā awit ni Narottama dāsa Ṭhākura, ika-3 saknong

Kaya naman ang dīkṣā ay nagaganap kapag ang transedental na kaalaman ay ipinadadala mula sa guru na may pagkakatanto sa sarili papunta sa disipulo at ang mga makasalanang reaksyon ng disipulo ay kumpletong napupuksa. Ang seremonyas ng pagbibigay ng pangalan ay isang mahalagang pormalidad subali‘t ito ay maaaring itanghal ng ibang mga ṛtviks (mga pari) sa ngalan ng guru. Sa ISKCON, ang lahat ng mga deboto ay tumatanggap ng transedental na kaalaman mula sa mga aklat ni Śrīla Prabhupāda. Kaya naman, si Śrīla Prabhupāda ang dīkṣā guru para sa lahat.

## 2.2: Sino ang Maaaring Maging Dīkṣā Guru?

May dalawang pamantayan sa isang tao upang siya ay maging pinunong espirituwal —

1. Pagtataglay ng mga kuwalipikasyon ng isang pangunahing klaseng deboto
2. Awtorisasyon ng kanyang pinunong espirituwal

Ang pagiging dalisay na deboto ay ang pangunahing kuwalipikasyon upang maging isang guru. Subali't ang pagtataglay ng kuwalipikasyon ito lamang ay hindi awtomatikong nangangahulugan na maaari na siyang maging dīkṣā guru. Kailangan pa rin niyang mahirang ng kanyang guru upang maging regular na dīkṣā guru. Syempre, kapag ang isa ay awtorisado ng kanyang guru upang maging guru, kailangan nating maunawaan na siya ay isa nang dalisay na deboto sapagka't ito ang pangunahing kuwalipikasyon upang maging isang guru.

Ngayon, muli nating bisitahin ang mga pamantayan mula sa mga pananaw na pilosopikal o ayon sa banal na kasulatan. Sa pamamagitan nito, sumasangguni tayo sa literaturang Vedic at sa mga pahayag ni Śrīla Prabhupāda.

### 2.2.1: Kuwalipikasyon ng Isang Dīkṣā Guru

Ang puno ng katapatang pinunong espirituwal ay isang dalisay, pangunahing klaseng deboto. May 3 uri ng mga deboto at ang pinunong espirituwal ay kinakailangang isang pangunahing klaseng deboto. Ang mga kuwalipikasyon ng isang pangunahing klaseng deboto ay ang mga sumusunod:

*sarva-bhūteṣu yaḥ paśyed bhagavad-bhāvam ātmanaḥ*
*bhūtāni bhagavaty ātmany eṣa bhāgavatottamaḥ*

"Ang pinakanangungunang deboto ay nakikita sa kalooban ng lahat ang kaluluwa ng lahat ng mga kaluluwa, ang Kataas-taasang Personalidad ng Diyos, Śrī Kṛṣṇa. Samakatuwid, nakikita niya ang lahat na kaugnay sa Kataas-taasang Panginoon at nauunawaan niya na ang lahat nang nabubuhay ay magpakailan mang matatagpuan sa kalooban ng Panginoon."

— Śrīmad Bhāgavatam 11.2.45

*sarva-bhūta-stham ātmānaṁ sarva-bhūtāni cātmani*
*īkṣate yoga-yuktātmā sarvatra sama-darśanaḥ*

"Ang isang tunay na yogi ay siyang nakakapansin sa Akin sa bawat nilalang, gayon din, nakikita ang bawat nilalang sa Akin. Samakatuwid, ang isang tao na may pagkakakilanlan sa kanyang sarili ay nakikita Ako kahit saan."

— Bhagavad-gītā 6.29

"Kapag ang pag-unlad ng pananampalataya ang pag-uusapan, ang isang taong sadyang maalam sa literatura ng serbisyong debosyonal at nakatamo na ng yugto ng matibay na pananampalataya ay tinatawag na pangunahing klaseng tao sa Kamalayan kay Kṛṣṇa. At ang pangalawang klase ay iyong mga hindi gaanong sumusulong ang pang-unawa sa debosyonal na mga kasulatang banal ngunit may awtomatiko't matatag na pananampalataya na ang Kṛṣṇa bhakti o serbisyo para kay Kṛṣṇa ay ang pinakamahusay na paraan kaya naman, sa ilalim ng matibay na pananalig, ito ay natatamo niya. Kaya naman, sila rin ay mas nakatataas sa pangatlong klase na siyang wala kahit perpektong kaalaman sa banal na kasulatan, gayon din, walang mabuting pananampalataya subali't sa pamamagitan ng asosasyon at pagiging payak ay nasusubukan nilang makasunod. **Ang pangatlong klase ng tao sa Kamalayan kay Kṛṣṇa ay maaaring bumagsak subali't kapag ang isa ay nasa pangalawa o pangunahing klase, siya ay hindi babagsak.**"

— Bhagavad-gītā 9.3, Diwa

Ang puno ng katapatang guru ay hindi bumabagsak mula sa debosyonal na posisyon upang makisali sa hindi debosyonal o makasalanan o mga gawaing materyalistiko.

*vāco vegaṁ manasaḥ krodha-vegaṁ*
*jihvā-vegam udaropastha-vegam*
*etān vegān yo viṣaheta dhīraḥ*
*sarvām apīmāṁ pṛthivīṁ sa śiṣyāt*

"Ang isang taong maalam na kayang tiisin ang simbuyo na makapagsalita, mga pangangailangan ng pag-iisip, mga gawain ng pagkapoot, at ang mga tukso ng dila, tiyan, at maseselang bahagi ng katawan ay kwalipikadong makagagawa ng mga disipulo sa lahat ng bahagi ng mundo."

— Śrī Upadeśāmṛta 1 (Nectar of Instruction 1)

*mahā-bhāgavata-śreṣṭho*
*brāhmaṇo vai gurur nṛṇām*

"Ang guru ay kinakailangang matatagpuan sa pinakamatayog na plataporma ng serbisyong debosyonal. May tatlong klase ng mga deboto, at ang guru ay kinakailangang nagmula sa pinakamatayog na klase.. Ang pangunahing klase ng deboto ay ang pinunong espirituwal para sa lahat ng uri ng tao."

— Caitanya-caritāmṛta, Madhya-līlā 24.330, Kahulugan;
Hango mula sa Padma Purāṇa

"Kapag ang isang tao ay nakamit ang pinakamatayog na posisyon ng mahā-bhāgavata, siya ay tatanggapin bilang guru at sasambahin nang eksaktong katulad ng Hari, ang Personalidad ng Diyos. Ang taong iyon lamang ang karapat-dapat na maghawak ng posisyon ng isang guru."

— Caitanya-caritāmṛta, Madhya-līlā 24.330, Kahulugan

"Si Śrīla Bhaktivinoda Ṭhākura ay nagbigay ng ilang mga praktikal na pahiwatig upang ang uttama-adhikārī Vaiṣṇava ay kilalanin sa pamamagitan ng kanyang abilidad na hanguin ang karamihan ng mga bumagsak na mga kaluluwa patungo sa pagiging Vaisnava. **Ang isang tao ay hindi karapat dapat na maging pinunong espirituwal maliban na lamang kung natamo niya ang pinakamatayog na plataporma ng *uttama-adhikārī*.** Ang isang baguhang Vaisnava o isang Vaisnava na matatagpuan sa kalagitnaan ng plataporma ay maaari ring tumanggap ng mga disipulo, subali't ang mga disipulong iyon ay kailangang nasa katumbas na plataporma, at ito ay kailangang maunawaan na sila ay hindi makaaangat nang mahusay patungo sa pinakamatayog na mithiin ng buhay sa ilalim ng hindi sapat niyang paggabay. **Samakatwid, ang disipulo ay kinakailangang maingat sa pagtanggap ng uttama-adhikārī bilang isang pinunong espirituwal.**"

— Nectar of Instruction 5, Kahulugan

## 2.2.2: Pahintulot ng Isang Dīkṣā Guru

Bagama't ang pinunong espirituwal ay kinakailangang maging pangunahing klaseng deboto, hindi ito nangangahulugan na ang bawat pangunahing klaseng deboto ay awtomatikong nagiging pinunong espirituwal. Kailangan pa rin na nakamit niya ang ikalawang pamantayan— ang pahintulot (authorization). Maraming mga halimbawa sa kabuuan ng kasaysayang Vedic ng dalisay na mga deboto na hindi naging mga pinunong espiritwal. Kaya naman ang isang dalisay na deboto ay hindi

kasingkahulugan ng pinunong espiritwal subali‘t ang puno ng katapatang pinunong espirituwal ay nararapat na dalisay na deboto ng Panginoong Kṛṣṇa.

“Sa kabuuan, maari mong malaman na siya ay hindi malayang tao, kaya naman, hindi siya maaaring magbigay ng inisasyon sa kahit kaninong tao sa Kamalayan kay Kṛṣṇa. Kinakailangan ng espesyal na espirituwal na basbas mula sa mga kataas-taasang awtoridad."

— Liham ni Śrīla Prabhupāda kay Janardāna, Abril 26, 1968

“Nararapat na ang isang tao ay tumanggap ng inisasyoin mula sa puno ng katapatang pinunong espirituwal na nagmula sa pagkakasunud-sunod ng mga disipulo na siyang binigyan ng awtorisasyon ng sinundan niyang pinunong espirituwal. Ito ay tinatawag na dīkṣā-vidhāna."

— Śrīmad Bhāgavatam 4.8.54, Kahulugan

**Isang Lalaking Indian (1):** Kailan ka nagsimulang maging pinunong espirituwal ng Kamalayan kay Kṛṣṇa?
**Prabhupāda:** Noong ang aking Guru Mahārāja ay nag-utos sa akin. Ito ang guru-paramparā.
**Isang Lalaking Indian (1):** Ginawa niya lang ba...
**Prabhupāda:** Subukan mong unawain. Huwag padalos-dalos. Ang isang guru ay maaari lang maging guru kung siya ay inutusan ng kanyang guru. Iyon lamang. Kung hindi, wala nang maaaring maging guru.

— Sesyon ng tanungan at sagot sa pagtuturo ni Śrīla Prabhupāda ng Bhagavad-gītā 7.2 noong Octubre 28, 1975, sa Nairobi, Kenya

## 2.3: Ang Palaisipan ng Paramparā

Sa kabanatang ito, ating pag-aaralan kung paanong ang ṛtvik na sistema ng inisasyon ni Śrīla Prabhupāda, kahit hindi kinaugalian, ay perpektong akma sa mga konklusyon ng banal na kasulatan at tradisyong pangdisipulo.

### 2.3.1: Kailangan ban a Pisikal na Nabubuhay ang Dīkṣā Guru upang Tumanggap ng mga Disipulo?

Minsan, ang pagtatalo ay nag-aalok na kung walang papalit kay Śrīla Prabhupāda, ang paramparā, o pagkakasunud-sunod ng mga disipulo, ay puwersadong ititigil ng mga tagasunod ng sistemang ṛtvik. Kaya naman, sinasabi nila na kinakailangang

mayroong isang taong nabubuhay upang mapanatili ang pagkakasunud-sunod na walang patid at tuluy-tuloy. Higit pa, nararamdaman nila na ang sino man ay hindi magkakaroon ng personal na gabay mula sa mga aklat, kung saan, ito ay posible kung may pisikal na presensya. Kinakailangan ba na ang guru ay pisikal na naririto sa planetang ito upang tumanggap ng mga disipulo o maipakalat ang transedental na kaalaman? Atin ngayong tutukuyin ang tanong na ito mula sa mga pahayag ni Śrīla Prabhupāda at mula sa mga banal na sanggunian upang makatamo ng wastong perspektibo.

**Madhudviṣa:** "Mayroon bang kahit anong paraan para sa isang Kristiyano, kahit walang tulong ng pinunong espirituwal, na marating ang espirituwal na kalangitan sa pamamagitan ng paniniwala sa mga wika ni Hesu Kristo at pilit na pagsunod sa Kanyang mga itinuturo?"

**Śrīla Prabhupāda:** "Hindi ko nasundan."

**Tamāla Kṛṣṇa:** "Kaya ba ng isang Kristiyano sa panahong ito, kung walang pinunong espirituwal, subali't sa pamamagitan ng pagbabasa ng Bibliya at pagsunod sa mga wika ni Hesus, ang makarating sa..."

**Śrīla Prabhupāda:** "Kapag nagbasa ka ng Bibliya, sinusunod mo ang pinunong espirituwal. Paano mo sasabihin na wala? Sa sandaling binasa mo ang Bibliya, ito ay nagangahulugan na sinusunod mo ang mga itinuturo ng Panginoong Hesu Kristo, ibig nitong sabihin na ikaw ay sumusunod sa pinunong espirituwal. Kaya nasaan ang oportunidad dito na walang pinunong espirituwal?"

**Madhudviṣa:** "Ako ay tumutukoy sa isang nabubuhay na pinunong espirituwal."

**Śrīla Prabhupāda:** "Ang pinunong espirituwal ay hindi tanong ng... **Ang pinunong espirituwal ay walang hanggan.** Ang pinunong espirituwal ay walang hanggan. Kaya ang tanong mo ay walang pinunong espirituwal. Ang pagkawala ng pinunong espirituwal ay hindi mangyayari, sa kahit anong yugto ng iyong buhay. Maaari mong tanggapin itong pinunong espirituwal na ito o iyong pinunong espirituwal na iyon. Iyon ay magkaibang bagay. Subali't kailangan mong tanggapin. Katulad ng sinasabi mo na —sa pamamagitan ng pagbabasa ng Bibliya," **kapag nagbasa ka ng Bibliya, ito ay nanganaghulugang ikaw ay sumusunod sa pinunong espirituwal na kinakatawan ng ilang mga pari o ilang mga pastor na kasama sa linya ni Hesu Kristo."**

— Paglalakad Tuwing Umaga ni Śrīla Prabhupāda, Oktubre 2, Seattle

**Deboto:** “Śrīla Prabhupāda, kapag ikaw ay wala na ang presensya sa amin, paano ito magiging posible na tumanggap ng mga tagubilin, kagaya halimbawa, kapag may mga katanungang maaaring mangibabaw?"

**Śrīla Prabhupāda:** “Mabuti, sa mga katanungan...Ang mga sagot ay naroon sa aking mga aklat."

— Paglalakad Tuwing Umaga ni Śrīla Prabhupāda, Mayo 13, 1975, Los Angeles, USA

“Siya ay may pangangatwirang hindi wasto, siya na nagsasabing ang mga Vaiṣṇava ay namamatay, kapag yaong buhay nila ay nananatiling matunog." ("He reasons ill who tells that Vaiṣṇavas die, when thou art living still in sound.")

— Śrīla Bhaktivinoda Ṭhākura

"Si Kṛṣṇa at ang Kanyang kinatawan ay pareho. Katulad na lamang ni Kṛṣṇa na kayang magkaroon ng presensya nang sabay-sabay sa milyon-milyong mga lugar. Kahalintulad, ang pinunong espirituwal ay kaya ring magkaroon ng presensya nasaan man naisin ng disipulo niya. Ang pinunong espirituwal ay ang prinsipyo, hindi ang katawan. Katulad na lamang ng telebisyon na may kakayanang mapanood sa libu- libong lugar sa pamamagitan ng prinsipyo ng relay monitoring."

— Liham ni Śrīla Prabhupāda‘s kay Mālatī, Mayo 28, 1968

Mayroong iba pang mga pahayag si Śrīla Prabhupāda sa bagay na ito subali't ang punto rito ay ubod nang liwanag. Hindi kinakailangan na ang katawan ng pinunong espirituwal ay pisikal na naririto upang makapagpalaganap ng kaalaman, lalo na kung ang mga aklat niya ang nagbibigay katuparan sa layunin.

Kahit nang si Śrīla Prabhupāda ay pisikal na naririto pa, hindi siya personal na nagbigay ng inisasyon sa karamihan ng kanyang mga disipulo at gayon pa ma'y hindi rin sila nagkakaroon ng madalas na personal na asosasyon, kung mayroon man, kay Śrīla Prabhupāda. Itrinakda ni Śrīla Prabhupāda ang sistema ng pamamahala sa paraan na ang mga deboto na kabilang sa pangangasiwa ng templo at ang GBC ay nagsisilbing kanyang mga kinatawan at sila ay kumikilos bilang śikṣā guru at sila ang magbibigay ng tagubilin sa iba pang mga deboto kagaya ng mga itinuro ni Śrīla Prabhupāda at ang lahat ay magiging mga disipulo ni Śrīla Prabhupāda. Sila ay magdaraos rin ng inisasyon nang lubos na naaayon sa sistemang ṛtvik na ngayo'y nasasailalim ng pagtatalo.

*evaṁ paramparā-prāptam imaṁ rājarṣayo viduḥ*

*sa kāleneha mahatā yogo naṣṭaḥ parantapa*

*evam*—thus; *paramparā*—disciplic succession; *prāptam*—received; *imam*—this science; *rājarṣayaḥ*—the saintly kings; *viduḥ*—understood; *saḥ*—that knowledge; *kālena*—in the course of time; *iha*—in this world; *mahatā*—by great; *yogaḥ*—the science of one's relationship with the Supreme; *naṣṭaḥ*—scattered; *parantapa*—O Arjuna, subduer of the enemies

"Ang katas-taasang siyensiya na ito, kaya naman, ay natanggap sa pamamagitan ng tanikala ng pagkakasunud-sunod ng mga disipulo, at ang mga banal na mga hari ay naunawaan ito sa ganitong paraan. Subali't sa paglipas ng panahahon ang pagkakasunud-sunod ay napatid, at kaya naman ang siyensiya kung sadyang paano ito, ay tila naglaho."

— Bhagavad-gītā 4.2

Mula sa taludtod na ito, malinaw nating mauunawaan na ang paramparā, o pagkakasunud-sunod ng mga disipulo, ay itinuturing na patid na kapag ang siyensiya ng relasyon ng isang tao sa Kataas-taasan ay naglaho. Ang eksaktong mga salita na ginamit dito ay yogaḥ naṣṭaḥ, na ang ibig sabihin ay ang siyensiya na naglaho; hindi binanggit na śarīra naṣṭaḥ, o ang katawan ng guru na naglaho. Kaya ang paramparā ay itinuturing na napatid kapag ang siyensiya ng bhakti-yoga ay naglaho, hindi kapag ang katawan ng espirituwal na pinuno ay naglaho.

Sa konteksto ng ISKCON, ang mga aklat ni Śrīla Prabhupāda ay lubos na naririto at libu-libong mga tao ang nagiging deboto sa pamamagitan ng pagbabasa ng mga aklat na ito. Kaya ang siyensiya ng serbisyong debosyonal ay hindi nawala. Kaya naman, ang paramparā ay hindi napatid.

"Ang mga ito ay hindi ordinaryong mga aklat. Ito ay mga naitalang chanting. Sino mang makababasa, siya ay makakapakinig."

— Liham ni Śrīla Prabhupāda kay Rūpānuga dāsa, Oktubre 19, 1974

"Ang bisa ng transedental na tunog ay hindi nabawasan nang dahil sa ang nagpapaugong dito (vibrator) ay waring wala rito."

— Śrīmad Bhāgavatam 2.9.8, Kahulugan

"Kapag nakadarama tayo ng pagkakalayo mula kay Kṛṣṇa o sa pinunong espirituwal, kailangan lang nating subukan na alalahanin ang mga wika ng tagubilin, at hindi na natin madarama ang pagkakalayong ito. Ang asosasyong ito kay Kṛṣṇa at sa

pinunong espirituwal ay nararapat na maging asosasyon sa pamamagitan ng pag-ugong (vibration), hindi ng pisikal na presensya. Ito ang tunay na asosasyon. Naglalaan tayo ng mas matinding kahalagahan sa kung ano ang nakikita, ngunit noong si Kṛṣṇa ay naririto pa sa planetang ito, sadyang napakaraming tao ang nakakita sa Kanya at hindi naman napagtanto na Siya ang Diyos; kaya ano ang kagandahan ng kung ano ang nakikita? Sa pamamagitan ng pagkakakita kay Kṛṣṇa, hindi mangangahulugang mauunawaan natin Siya, subali't sa matamang pakikinig sa Kanyang mga itinuro, tayo ay makararating sa plataporma ng pagkaka-unawa. Madarama natin si Kṛṣṇa kaagad sa pamamagitan ng pag-ugong ng tunog (sound vibration); kaya naman, kailangan nating maglaan ng mas matinding kahalagahan sa pag-ugong ng awit ni Kṛṣṇa at ng pinunong espirituwal—matapos nito, tayo ay makararamdam ng kasiyahan at hindi na makadarama ng pagkakalayo."

— hango mula sa aklat ng
Elevation to Kṛṣṇa Consciousness, Pahina 57-58

Ang lahat ng mga pahayag na ito ay tumutukoy sa katotohanan na sa pamamagitan ng pagbabasa ng mga aklat ni Śrīla Prabhupāda, tayo ay direktang mabibigyan niya ng inisasyon sa pamamagitan ng pagtanggap ng transedental na kaalaman.

Paano tayo makasisiguro na si Śrīla Prabhupāda ay magagalak sa ating serbisyo kung hindi niya pisikal na maipapahayag ito sa atin? Ang kasagutan dito ay kapag ang pinunong espirituwal ay nagalak, ang Kataas-taasang Panginoon ay magagalak din. Yasya prasādād bhagavat-prasādaḥ. At sa sandaling ang Panginoon ay nagalak, bibiyayaan Niya ang disipulo ng tunay na espirituwal na pag-angat.

*bhaktiḥ pareśānubhavo viraktir*
*anyatra caiṣa trika eka-kālaḥ*
*prapadyamānasya yathāśnataḥ syus*
*tuṣṭiḥ puṣṭiḥ kṣud-apāyo 'nu-ghāsam*

"Ang debosyon, direktang ekspiryensiya sa Kataas-taasang Panginoon, at ang paglayo mula sa ibang mga bagay— ang tatlong ito ay darating ng sunud-sunod sa isang taong tumanggap ng pagkalinga ng Kataas-taasang Personalidad ng Diyos, sa parehong paraan na ang pagkakadama ng kagalakan, pagkakaroon ng sustansya ng katawan, at pagkakatawid mula sa gutom ay darating nang sunud-sunod at paparami, sa bawat kagat, para sa isang taong kumakain."

— Śrīmad Bhāgavatam 11.2.42

Ang tunay na espirituwal na pag-unlad ay nangangahulugan nitong tatlong bagay na ito. Kapag ang isang tao ay progresibong nakaramdam ng tunay at kusang-loob na

debosyon, nagkaroon ng direktang pagtanto sa Kataas-taasang Panginoon, at higit sa lahat, nakaramdam ng progresibong paglayo mula sa makasalanang pamumuhay,ito ay mauunawaan na si Śrīla Prabhupāda ay nagagalak.

## 2.3.2: Maaari ba Tayong Tumanggap ng mga Tagubilin mula sa Hinalinhang mga Ācārya?

Ang tanong ay maaaring ipahayag nang ganito— Kung kaya nating magkaroon ng asosasyon at makatanggap ng inisasyon mukla sa isang ācārya sa pamamagitan lamang ng pagbabasa ng kanyang mga aklat, bakit hindi na lang natin lundagan ang pagkakasunud-sunod ng mga disipulo (disciplic succession) at tumaggap ng tagubilin nang direkta mula kay, sabihin na nating, si Śrīla Bhaktisiddhānta Sarasvatī Ṭhākura o kahit si Śrīla Rūpa Gosvāmī, o sino mang hinalinhan na ācārya na mas nakatataas sa pagkakasunud-sunod ng mga disipulo? Ang sagot ay matatagpuan sa sumusunod na pahayag ni Śrīla Prabhupāda:

"...upang makatanggap ng tunay na mensahe ng Śrīmad-Bhāgavatam ang isang tao ay kinakailangang lumapit sa kasalukuyang tagapag-ugnay, o pinunong espirituwal, sa tanikala ng pagkakasunud-sunod ng mga disipulo. Matapos mabigyan ng inisasyon ng wastong pinunong espirituwal na nasa tanikala ng pagkakasunud-sunod, ang isang tao ay kinakailangang iugnay ang sarili niya sa pagpapakalat ng tapasya sa pagpapatupad ng serbisyong debosyonal."

— Śrīmad Bhāgavatam 2.9.7, Diwa

Ang kasalukuyang tagapag-ugnay sa pagkakasunud-sunod ng mga disipulo ay ang pinunong espirituwal na siyang aktibong nagpapalaganap ng transedental na konklusyong pangdisipulo sa publiko, pangkalahatan. Ginagawa ito ni Śrīla Prabhupāda sa pamamagitan ng kanyang mga aklat. Kaya naman, si Śrīla Prabhupāda ay ang awtorisadong dīkṣā guru ng ISKCON.

## 2.3.3: Binuwag ba ni Śrīla Prabhupāda ang Tradisyong Pangdisipulo (DisciplicTradition)?

Mayroong pagtatalong inihain na si Śrīla Prabhupāda ay dumating dito sa mundo upang ipakita ang awtorisadong konklusyong pangdisipulo ng Gauḍīya Vaiṣṇava sampradāya. Ngunit, hindi pa kahit minsan, ang sistemang ṛtvik ng inisasyon ay itinaguyod ng kahit sino sa mga hinalinhang ācārya. Paanong si Śrīla Prabhupāda ay makagagawa ng kahit anong bagay na taliwas sa tradisyon ng ating sampradāya? Kaya naman, sinasabi nila na ang sistemang ṛtvik, partikular na matapos ang kanyang hayag na presensya, ay hindi awtorisado ni Śrīla Prabhupāda

sapagkat hindi siya gagawa ng kahit anong bagay na taliwas sa tradisyong pangdisipulo.

Ngayon, ito ay maalam nating mabibigyang diin na ang tradisyon ng pagkakakasunud- sunod ng mga disipulo ay upang maipalaganap ang dalisay na pilosopiya ng Kamalayan kay Kṛṣṇa sa mga nakatakdang kaluluwa (conditioned souls). Paanong ang isang partikular na pinunong espirituwal ay magagawa ito sa kanyang panahon, kinalalagyan, at sariling pagkakataon, sa isang transedental at teknikal na detalye na maaaring kaiba mula sa bawat isang pinunong espirituwal subali'‌t ang prinsipyo ng pagpapalaganap ng Kamalayan kay Kṛṣṇa ay nananatiling buo. Ang pagpapalaganap ng Kamalayan kay Kṛṣṇa ay an bumubuo ng tradisyong pangdisipulo, hindi ng mga kinaugalian.

Sa totoo lang, si Śrīla Prabhupāda ay gumawa ng maraming mga pag-sasaayos na naaayon sa panahon, lugar, at pagkakataon. Kasama ng iba pang mga halimbawa, ang isang nakatatawag-pansin ay ang utos niya sa kanyang mga disipulo na mag-chant ng 16 na rounds ng Hare Kṛṣṇa mahā-mantra araw-araw sa beads. Samantalang ang aktuwal na pamantayan ng araw araw na preskripsyon ng chanting ay 64 rounds kada araw. Sa totoo lang, si Śrīla Bhaktisiddhānta Sarasvatī Ṭhākura, ang pinunong espirituwal ni Śrīla Prabhupāda,ay naitalang nagbigay ng pahayag na kapag ang isang tao ay nag-chant ng kulang sa 64 na rounds kada araw, siya ay hindi man lamang maituturing na tao. Subali'‌t naobserbahan ni Śrīla Prabhupāda, na ang isang modernong kandidato ay hindi kayang mag-chant ng 64 na rounds, kaya naman, binigyan niya tayo ng 16 rounds kada araw na kondisyon. Sa mga sumusunod na pagsasalin at diwa ng taludtod (verse) ng Śrīmad Bhāgavatam, inihayag ni Śrīla Prabhupāda ang isang iteresanteng katotohanan.

*svayaṁ samuttīrya sudustaraṁ dyuman*
*bhavārṇavaṁ bhīmam adabhra-sauhṛdāḥ*
*bhavat-padāmbhoruha-nāvam atra te*
*nidhāya yātāḥ sad-anugraho bhavān*

"O Panginoon, na siyang kahawig ng isang nagliliwanag na araw, Ikaw ay laging handa upang mapunuan ang hiling ng Iyong deboto, at kaya naman Ikaw ay kilala bilang puno ng kahilingan (desire tree) [vāñchā-kalpataru]. Kapag ang mga ācārya ay ganap na nanahan sa ilalim ng Iyong lotus feet upang matawid ang mabangis na karagatan ng kawalang kamalayan, **ibinabahagi nila sa mundo ang pamamaraan kung paano sila nakatawid, at dahil ikaw ay puno ng awa sa Iyong iba pang mga deboto, tinatanggap Mo ang pamamaraan na ito upang matulungan sila.**"

— Śrīmad Bhāgavatam 10.2.31

“Sa ating Kilusan ng Kamalayan kay Kṛṣṇa, ... ang mga deboto ay napayuhan na iwasan ang apat na makasalanang mga gawain — pakikipagtalik sa labas ng batas ng kasal, pagkalasing, pagkain ng karne, at pagsusugal — at **mag-chant ng labing-anim na rounds kada araw. Ito ay ang puno ng katotohanang mga tagubilin.** ... Ang ācārya ang nagbibigay ng isang angkop na pamamaraan upang matawid ang karagatan ng kawalang kamalayan sa pamamagitan ng pagtanggap sa bangkang naglalaman ng lotus feet Panginoon, at kapag ang pamamaraan na ito ay istriktong nasunod, ang mga tagasunod ay lubusang makararating sa destinasyon, sa biyaya ng Panginoon. Ang pamamaraaan na ito ay tinatawag na *ācārya-sampradāya*. Kaya naman, ito ay nababanggit na, *sampradāya-vihīnā ye mantrās te niṣphalā matāḥ* (*Padma Purāṇa*). Ang *ācārya-sampradāya* ay istriktong puno ng katotohanan. Kaya naman, ang isang tao ay kinakailangang tanggapin ang ācārya-sampradāya; dahil kung hindi man, ang pinagsikapan ng isang tao ay mawawalan ng saysay."

— Śrīmad Bhāgavatam 10.2.31, Kahulugan

Ang kondisyon ng 16-na-rounds-kada-araw ay sadyang hindi kinaugalian subali‘t binanggit ito ni Śrīla Prabhupāda sa diwa na nasa itaas na ito ay istrikto at puno ng katotohanang tagubilin. Ito ang transedental na kapangyarihan ng ācārya ang mangaral nang naaayon sa panahon, lugar, at pagkakataon. Ang prinsipyo ng Kamalayan kay Kṛṣṇa ay hindi nakukompromiso subali't ang kaliit-liitang teknikal na mga detalye ay isinaayos ng ācārya (ācārya-sampradāya) upang umakma sa partikular na sitwasyon. Kaya, kung ang hindi kinaugaliang 16-na-rounds-kada-araw na kondisyon ay puno ng katotohanan, bakit hindi gayon din ang hindi kinaugaliang sistemang ṛtvik?

Kung ang isang tao ay hindi handang tanggapin ang ṛtvik na sistema ng mga inisasyon dahil ito ay hindi kinaugalian, hindi rin dapat na tanggapin ng sino man ang hindi kinaugaliang regulasyon ng 16 na rounds. Ang isang tao ay dapat ituloy pa rin ang pag- chant ng 64 na rounds katulad ng kung ano ang orihinal na preskripsiyon ng hinalinhang mga ācārya. Subali't ito ay praktikal na hindi posible sa kasalukuyang konteksto. Kaya ang puno ng katotohanan at praktikal na proseso ay ang sundin ang preskripsiyon ni Śrīla Prabhupāda na 16 na rounds, gayon din, ang kanyang ṛtvik na sistema ng mga inisasyon.

## 2.3.4: "Subali't Sinabi ni Śrīla Prabhupāda ang Ganito Noon...”

Maaaring maraming beses nang tila nahikayat ni Śrīla Prabhupāda ang kanyang mga disipulo noon na maging mga guru sa panghinaharap, matapos ang kanyang

pisikal na paglisan, at bigyan ng inisasyon ang mga deboto sa kani-kanilang sariling ngalan, kaya naman, maitutuloy ang tanikala ng pagkakasunud-sunod ng mga disipulo. Bakit ngayon niya ihahain sa huli ang ṛtvik na sistema ng mga inisasyon at ititigil ang tanikalang pangdisipulo na kung saan siya ang huli sa pagkakasunud-sunod?

Ito ay maalam na alalahanin na ang pagkakasunud-sunod ng mga disipulo ay nangagahulugang konklusyon na pangdisipulo, o ang siyensiya ng serbisyong debosyonal sa Kataastaasang Personalidad ng Diyos, katulad ng binabanggit sa Bhagavad-gītā 4.2. Hanggang ang mga aklat ni Śrīla Prabhupāda ay naipalalaganap ang mensahe ng Kamalayan kay Kṛṣṇa, ang pagkakasunud-sunod ng mga disipulo ay hindi maituturing na napatid.

Gayon pa man, pag-aaralan natin ang hayagang utos sa lahat na maging guru, na ipinahayag rin ni Śrī Caitanya Mahāprabhu. Ang tagubilin para sa lahat na maging guru ay matatagpuan sa sumusunod na taludtod sa Caitanya-caritāmṛta, na kadalasang ipinapahayag ni Śrīla Prabhupāda:

*yāre dekha, tāre kaha 'kṛṣṇa'-upadeśa*
*āmāra ājñāya guru hañā tāra' ei deśa*

"Atasan ang bawat isa na sumunod sa mga utos ng Paninoong Śrī Kṛṣṇa katulad ng kung papaanong ang mga ito ay inihahayag sa Bhagavad-gītā at Śrīmad Bhagavatam. Sa ganitong paraan, maging pinunong espirituwal at subukang palayain ang bawat isa sa lupaing ito."

— Caitanya-caritāmṛta, Madhya-līlā, 7.128

Ano pa man, ang tipo ng guru na hinihimok ni Panginoong Caitanya ang bawat isa na maging ay maliwanag na ipinahayag sa detalyadong mga diwa na bumubuo ng taludtod na ito:

"Ito ay, ang isa ay kailangang manatili sa tahanan, mag-chant ng Hare Kṛṣṇa mantra at mangaral ng mga tagublin ni Kṛṣṇa kung paano ito ipinahayag sa Bhagavad-gītā at Śrīmad Bhagavatam."

— Caitanya-caritāmṛta, Madhya-līlā, 7.128, Kahulugan

"Ang isa ay maaaring manatili na maybahay, medical na praktisyoner, inhinyero, o ano pa man. Hindi ito mahalaga. Ang isa ay kailangan lang na sundin ang tagubilin ni Śrī Caitanya Mahāprabhu, mag-chant ng Hare Kṛṣṇa mahā-mantra at magbigay ng tagubilin sa mga kamag-anak at mga kaibigan ukol sa mga itinuturo ng

Bhagavad-gītā at Śrīmad-Bhagavatam ... **ito ay pinakamainam na hindi tumanggap ng kahit sinong disipulo.**”

— Caitanya-caritāmṛta Madhya-līlā, 7.130, Kahulugan

Makikita natin na ang mga tagubilin na ito ay hindi nagnanais na ang mga guru na pinag-uusapan ay nangangailangan munang magtamo ng kahit aling partikular na baytang ng pagkakatanto bago sila kumilos. Ang pakiusap ay agad agad. Mula rito, ito ay malinaw na ang lahat ay payak na hinihikayat na mangaral kung ano man ang nalalaman nila, at sa pamamagitan ng pagsasagawa nito sila ay magiging śikṣā, o mga guru na nagbibigay ng tagubilin. Ito ay patuloy pang nilinaw ng kondisyon para sa śikṣā guru na manatili sa posisyong iyon, at hindi na magtuloy pa upang maging *dīkṣā guru*: "Ito ay pinakamainam na hindi tumanggap ng kahit sinong disipulo."

— Caitanya-caritāmṛta, Madhya-līlā, 7.130, Kahulugan

Ang magtanggap ng mga disipulo ang pangunahing layunin ng dīkṣā guru, kung saan ang śikṣā guru ay payak na nangangailangan na tuparin ang kanyang mga tungkulin sa pag-alalay sa dīkṣā guru at mangaral ng Kamalayan kay Kṛṣṇa sa pinakamainam na kaya niya. Ito ay malinaw mula sa mga diwa ng pahayag ni Śrīla Prabhupāda, sa taludtod na nasa itaas, na si Panginoong Caitanya, katunayan, ay binibigyan ng kapangyarihan ang mga śikṣā guru, at hindi ang mga dīkṣā guru.

Bagama‘t maraming beses na binanggit ni Śrīla Prabhupāda noong una na hikayatin ang lahat upang maging mga dīkṣā-guru, ang utos niya noong Hulyo 9, 1977 ay dapat na pangunahan ang lahat ng mga nakaraan niyang pahayag. Ang sumusunod na tanungan at sagutan na sesyon na naganap ang siyang naglinaw ng bagay na ito.

**Acyutānanda:** [binabasa ang tanong na nagmula sa mga panauhin] Sinabi ni Śrī Kṛṣṇa sa huling bahagi ng Bhagavad-gītā, sarva-dharmān parityajya [Bhagavad-gītā 18.66], subali‘t sa ibang dako sa Bhagavad-gītā, dalawang beses na binanggit, śreyān sva-dharmo, para-dharmo bhayāvahaḥ [Bhagavad-gītā 3.35]: ang isang tao ay nararapat na gawin ang kanyang sariling tungkulin kaysa ang sa iba.

**Prabhupāda:** Oo.

**Acyutānanda:** Paano namin...

**Prabhupāda:** Maaaring marami akong sabihin sa iyo ngunit kapag may sinabi ako nang direkta, “Gawin mo ito. Ang pinaka-unang tungkulin mo ay ang gawin ito. Hindi ka maaaring makipagtalo. Ginoo, sinabi mo sa akin noong una ang ganito." Hindi,

iyon ay hindi ang tungkulin mo. Kung ano ang sinabi ko sa iyo ngayon, gawin mo ito. Yun ang pagkamasunurin. Hindi ka maaaring makipagtalo. Siyempre, hindi nagsabi si Kṛṣṇa ng kahit anong magkasalungat, hindi, hindi ganoon iyon. Hindi mo nauunawaan. Kaya "Kahit hindi mo maunawaan, tanggapin mo ang Aking mga direktang utos sa iyo ngayon, *sarva-dharmān parityajya mām ekam* [Bhagavad-gītā 18.66]. Iyan ang iyong kalakaran." Ang panginoon ay nagsasabi ng ganoon, at ang kalakaran ng alipin ay ang tanggapin ito, nang walang pakikipagtalo.

— Ang Pagtuturo ni Śrīla Prabhupāda ng Śrīmad-Bhāgavatam 5.5.3,
Abril 15, 1975, Hyderabad

Sa Bhagavad-gītā, nagbigay ang Panginoong Kṛṣṇa ng napakaraming tagubilin kay Arjuna. Binanggit niya ang lahat ng uri ng yoga mula sa dhyāna hanggang sa jñāna, nguni't lahat ng ito ay napangunahan ng kanyang kahuli-hulihang tagubilin:

*sarva-dharmān parityajya mām ekaṁ śaraṇaṁ vraja*
*ahaṁ tvāṁ sarva-pāpebhyo mokṣayiṣyāmi mā śucaḥ*

"Iwananan mo ang lahat ng sari-saring mga relihiyon at basta't sumuko ka sa Akin. Ililigtas kita mula sa lahat ng makasalanang reaksiyon. Huwag kang mangamba."

— Bhagavad-gītā 18.66

"Basta't isuko mo ang lahat at ikaw ay maging Aking deboto, Aking tagasamba" – nararapat itong maging kahuli-hulihang utos ng Panginoon, at ang sino man ay kailangang sundin ang prinsipyong iyon."

— Teachings of Lord Caitanya, Kabanata 11

Kahit ang kahuli-hulihang tagubilin na ibinigay ni Śrīpāda Śaṅkarācārya sa kanyang awit na "Bhaja Govindam", ay nakalaan upang pangunahan ang lahat ng mga dati niyang Māyāvādī o impersonal na tagubilin. Malinaw na ipinayo ni Śrīpāda Sankarācārya sa panimulang bahagi ng kanyang awit na ang lahat ng kanyang mga sinadyang pagkakamali sa interpretasyong Māyāvādī ng mga tekstong Vedic, sa pamamagitan ng masusing pag-aaral ng wastong pagsasaayos ng mga salita, ay walang halaga upang tulungan ang kahit sino man sa katapusan ng kanyang buhay. Pinayuhan niya ang bawat isa na kalimutan ang ganitong walang kwentang bagay at sambahin lamang si Govinda sa serbisyong debosyonal, kung ang nais lamang ng isang tao ay tunay na benepisyo.

Ang punto rito ay, ang maipatupad ang kahuli-hulihang tagubilin ay ang agarang tungkulin ng isang disipulo, at hindi ang makipagtalo tungkol sa mga nakaraang

tagubilin na tila‘y pasalungat. Ang kahuli-hulihang tagubilin ay pinangungunahan ang lahat ng mga dating utos. Kaya naman, ang liham/direktiba noong ika-9 ng Hulyo at ang deklarasyon sa Habilin ni Śrīla Prabhupāda ay nararapat na ituring na kanyang kahuli- hulihang mga tagubilin sa ganitong koneksyon at hindi nararapat na salungatin.

Ang lahat ng mga puntong ito ay tumutukoy muli sa iisang bagay — na si Śrīla Prabhupāda ay ang awtorisadong dīkṣā guru ng ISKCON sa habang panahon na ang kanyang mga aklat ay buo.

## 2.4: Si Śrīla Prabhupāda ba ang Śikṣā o Dīkṣā Guru ng ISKCON?

Ang isa pa sa mga pagtatalo ay dahil nga si Śrīla Prabhupāda ay ibinabahagi ang kanyang mga pagtuturo sa pamamagitan ng kanyang mga aklat, siya ay ang śikṣā guru at ang dīkṣā guru ay siyang nagbibigay ng espirituwal na panagalan.

Subali‘t katulad ng kung ano ang nasaksihan natin sa seksyon sa itaas ukol sa depinisyon ng dīkṣā, ang dīkṣā ay nangangahulugang ang pamamahagi ng transedental na kaalaman ng pinunong espirituwal. Ang pagbibigay ng pangalan at ang pag-chant sa beads ay isa lamang pormalidad na maaaring gawin ng ibang mga deboto sa ngalan ni Śrīla Prabhupāda katulad ng ibiigay niyang tagubilin sa liham/direktiba noong ika-9 ng Hulyo, 1977. Ito ay isa lamang teknikal na detalye ng proseso ng inisasyon subali‘t ang tunay na inisasyon ay ang pagsasalin ng transedental na kaalaman.

Ang mga sumusunod na pahayag ni Śrīla Prabhupāda ay ang naglilinaw ng bagay na ito:

“Ang GBC ay nararapat na maging mga guru na nagbibigay ng tagubilin. Ako ay kabilang sa mga guru na nagbibigay-inisasyon, at ikaw ay nararapat na maging guru na nagbibigay-tagubilin sa pamamagitan ng pagtuturo ng kung ano ang itinuturo ko at paggawa ng kung ano ang ginagawa ko."

— Liham ni Śrīla Prabhupāda‘s kay Madhudviṣa, ika-4 ng Agosto 1975, Detroit, USA

“Minsan, ang dīkṣā guru ay hindi laging narito. Kaya naman, ang sino man ay aaaring makatanggap ng aral, tagubilin, mula sa isang debotong mas nakasusulong. Ito ang tinatawag na śikṣā guru."

— Ang Pagtuturo ni Śrīla Prabhupāda ukol sa Bhagavad-gītā 17.1-3, ika-4 ng Hulyo, 1974 [Maling Petsa, Ang pagsusuri sa katunayan ay kasalukuyang inaantabayanan], Honolulu, Hawaii

Ang dīkṣā guru ang siyang nagbibigay ng pamantayang transedental na kaalaman at ang śikṣā guru ay ang sino mang gumagabay sa ibang mga deboto at sa mga tao sa pangkalahatan ayon sa mga itinuro ng dīkṣā guru.

Si Śrīla Prabhupāda ay ang gurung nagbibigay-inisasyon (dīkṣā guru) at ang kanyang mga responsableng disipulo ay kinakailangang maging gurung nagbibigay-tagubilin (śikṣā gurus).

# Kabanata 3: Pag-aaral na Naaayon sa Śāstra tungkol sa mga Paglihis

Bagama‘t kasinglinaw ng Kristal ang mga tagubilin ni Śrīla Prabhupāda ukol sa pagpapatuloy ng kanyang posisyon bilang dīkṣā guru ng ISKCON kahit pagkatapos ng kanyang pisikal na paglisan, napakarami pa ring paglihis ang kinauwian matapos ang kanyang pisikal na paglisan. Kahit hanggang ngayon sa araw na ito, ang mga tumataliwas ay ipinagtitibay pa rin ang kanilang mga saloobin sa ganito o ganyang paraan.

Subali‘t sa bawat araw na nagdadaan, ang kanilang saloobin ay pahina nang pahina habang ang mga balita ng opisyal o hindi opisyal na mga pagbagasak ng mga tumataliwas ay naibubunyag. Ang isang awtorisado o makapangyarihang ācārya ay hinding hindi babagsak subali‘t ang sino mang hindi awtorisado ay babagsak.

“Ang pinunong espirituwal ay kinakailangang hindi madala ng akumulasyon ng kayamanan o ng malakihang bilang ng mga tagasunod. Ang puno ng katapatang pinunong espirituwal ay hinding hindi magiging ganoon. Subali‘t minsan, kapag ang pinunong espirituwal ay hindi wastong nabigyan ng awtorisasyon at dahil lamang sa sarili niyang pagpapasimuno kaya siya‘y naging espirituwal na pinuno, maaari siyang madala sa akumulasyon ng kayamanan at sa malakihang bilang ng mga disipulo. Ang kanya ay hindi ubod ng taas na grado ng serbisyong debosyonal. Kapag ang isang tao ay nadadala ng ganoong mga tagumpay, ang kanyang serbisayong debosyoinal ay nagiging matumal. Ang isang tao, kaya naman, ay kinakailangang istriktong umayon sa mga prinsipyo ng pagkakasunud-sunod ng mga disipulo."

— Nectar of Devotion, Chapter 14: Devotional Qualifications

Napag-aralan natin ang mga kuwalipikasyon ng isang dīkṣā guru sa nakaraang kabanata. Sa kabanatang ito, bibisitahin natin ang mga sangguniang naaayon sa śāstra na tumutukoy sa kung bakit nagkakaroon ng mga paglihis, ang posisyon ng mga lumilihis, ang kinahinatnan ng mga lumihis, kung paano iayos ang sitwasyon at kung paano makisalamuha sa mga matatapat, at taos ang pusong mga deboto at gayon din sa mga naninibugho.

## 3.1: Pinagmulan ng mga Paglihis

Una, bakit nagkakaroon ng mga paglihis, sa pangkalahatan?

“Ang pangunahing kalakaran ng lipunang pantao ay ang isaisip ang Kataas-taasang Personalidad ng Diyos sa lahat ng oras, ang maging deboto Niya, ang sambahin ang Kataastaasang Panginoon at ang yumukod sa Kanya. Ang ācārya, ang awtorisadong kinatawan ng Kataas-taasang Panginoon, ang nagtaguyod ng ganitong mga prinsipyo, subali’t nang siya ay lumisan, ang mga bagay ay muling naging disorganisado. Ang perpektong disipulo ng ācārya ay sinubukang ayusin ang sitwasyon sa pamamagitan ng taos-pusong pagsunod sa mg tagubilin ng pinunong espirituwal."

— Śrīmad Bhāgavatam 4.28.48, Kahulugan

Kapag ang ācārya ay pisikal na naririto, maaari niyang puwersadong itama ang naliligaw na disipulo at iayos ang mga bagay upang maibalik sa tama. Ginawa ito ni Śrīla Prabhupāda sa hindi na mabilang na mga pagkakataon. Subali‘t sa paglisan ng ācārya, ang pananagutan ng pagtataguyod ng kanyang misyon ay tanging nakasalalay sa kanyang mga disipulo. Ang kanilang sinseridad ang gumaganap ng pinakamalaking papel. Kapag ang isang disipulo ay sadyang tinalikdan ang tagubilin ng dīkṣā guru at kapag walang mga nakatataas na mga śikṣā guru ang ma kakayahan upang iayos ang sitwasyon, ang ganap na kaguluhan ay maghahari. Ito ang nangyari sa kilusan ni Śrīla Prabhupāda.

Ang sikolohiya na humantong sa pagsalungat ay malinaw na ipinaliwanag sa Caitanya-caritāmṛta na katulad ng sumusunod:

*'niṣiddhācāra', 'kuṭīnāṭī', 'jīva-hiṁsana'*
*'lābha', 'pūjā', 'pratiṣṭhādi' yata upaśākhā-gaṇa*

“Ang ilan sa mga hindi kinakailangang baging na tumutubo sa ugat ng bhakti ay ang mga baging ng hindi katanggap-tanggap na pag-uugali para sa mga nais makatamo ng kaganapan, diplomatikong pag-uugali, pagpaslang ng mga hayop, makamundong panghuhuthot, makamundong pagsamba, at makamundong pagpapahalaga. Ang lahat ng ito ay mga hindi kanais-nais na baging."

— Caitanya-caritāmṛta, Madhya-lila 19.159

“Kaya kong sabihin nang may katiyakan para sa aking sarili, at kung saan ako ay humihingi ng kapatawaran mula sa lahat, na siguradong may ilang antas ng panunubok na makapagmanipula [...] Ganito ang likas na nakatakdang katangian (conditioned nature), at lumabas ito sa karurukan ng posisyon ng pangkalahatan, "Guru, oh kahanga-hanga! Ngayon, ako'y isa nang guru, at kami ay labing-isa lamang."

— Pag-amin ni Tamāla Kṛṣṇa — Disyembre 3, 1980

Kapag ang isang sumusulong na deboto ay nagtamo ng mga hindi kanais-nais na pagnanasa na hiwalay sa mga naisin ng ācārya at ng Kataastaasang Panginoon, siya ay itinuturing na isang separatista (separatist). Ang taong ito ay gumagawa ng pinakamatinding kasalanan ng hindi pagsunod sa utos ng pinunong espirituwal. Ang kanyang serbisyong debosyonal ay mauunawaang nakahalo sa pamamaraan ng pagnanasa at kamangmangan. Siya ngayon ay nagkakaroon ng paninibugho sa ācārya at nagnanasa ng katanyagan at pagsamba.

*abhisandhāya yo hiṁsāṁ dambhaṁ mātsaryam eva vā*
*saṁrambhī bhinna-dṛg bhāvaṁ mayi kuryāt sa tāmasaḥ*

"Ang serbisyong debosyonal na isinasakatuparan ng isang taong naninibugho, mapagmalaki, marahas at magagalitin, at isang separatista, ay maituturing na nasa pamamaraan ng kadiliman."

— Śrīmad Bhāgavatam 3.29.8

*viṣayān abhisandhāya yaśa aiśvaryam eva vā*
*arcādāv arcayed yo māṁ pṛthag-bhāvaḥ sa rājasaḥ*

"Ang pagsamba sa Deities sa templo ng isang separatista, na may motibo para sa materyal na kasiyahan, katanyagan at kayamanan, ay debosyon sa pamamaraan ng pagnanasa."

— Śrīmad Bhāgavatam 3.29.9

Ang debotong ito ay maituturing na isang pangatlong klaseng deboto.

*arcāyām eva haraye pūjāṁ yaḥ śraddhayehate*
*na tad-bhakteṣu cānyeṣu sa bhaktaḥ prākṛtaḥ smṛtaḥ*

"Ang isang deboto na buong katapatang nakikibahagi sa pagsamba sa Deity sa templo subali't walang wastong pag-uugali sa harap ng ibang mga deboto o sa ibang mga tao sa pangkalahatan ay tinatawag na prākṛta-bhakta, isang materyalistikong deboto, at itinuturing na nasa pinakamababang posisyon (pangatlong klase)."

— Śrīmad Bhāgavatam 11.2.47

*tato 'rcāyāṁ hariṁ kecit saṁśraddhāya saparyayā*
*upāsata upāstāpi nārthadā puruṣa-dviṣām*

"Minsan ang isang baguhang deboto (neophyte devotee) ay naghahain ng lahat ng mga kagamitan (paraphernalia) para sa pagsamba sa Panginoon, at buong katotohanan niyang sinasamba ang Panginoon bilang Deity, subali't dahil siya ay naninibugho sa mga awtorisadong deboto ng Panginoong Viṣṇu, ang Panginoon ay hindi nasisiyahan sa kanyang serbisyong debosyonal."

— Śrīmad Bhāgavatam 7.14.40

Habang ang isang tao ay pinananatili ang sarili niya sa plataporma ng pangatlong klase, siya sa kinalaunan ay babagsak.

"**Ang isang pangatlong klaseng tao sa Kamalayan kay Kṛṣṇa ay maaaring bumagsak**, subali't kapag ang isang tao ay nasa pangalawang klase o pangunahing klase, hindi siya babagsak."

— Bhagavad-gītā 9.3, Kahulugan

Hangga'‘t ang isang tao ay hindi sumusunod sa istriktong preskripsyon ng sādhana na ibinigay sa atin ni Śrīla Prabhupāda — ang pag-chant ng 16 na rounds, ang pagsunod sa apat na regulatibong prinsipyo, ang paggising para sa manglārati, at ang pagkakaroon ng partisipasyon sa buong programang pang-umaga hanggang sa klase ukol sa Śrīmad Bhāgavatam at kinalaunan ay sa pakikibahagi sa iba‘t ibang mga serbisyo, ang pagbabasa ng mga aklat ni Śrīla Prabhupāda araw-araw — siya ay tiyak na mananatili sa posisyon sa pangatlong klase. At habang siya ay nasa posisyon ng pangatlong klase, siya ay nakatakdang magdulot ng mga problema sa iba pang mga deboto dahil sa kanyang hindi perpektong asal.

Ang suliranin sa ISKCON ay iyong mga pinakanakatataas na mga deboto na napatunayan na ang mga sarili nila ay nasa pangatlong klase sa pamamagitan ng kani- kanilang pagbagsak. At kapag itong mga taong ito ay ang namuno sa kilusan sa pananamit nila bilang mga guru, ano ang kahihinatnan nito? Ganap na kaguluhan.

## 3.2: Ang Paninindigan ng mga Lumihis at ng Kanilang mga Tagasunod

Walang kaduda-duda, ang Māyā ay napakalakas. Kaya naman, minsan ang sannyāsī ay maaari ring bumagsak. Subali‘t ang puno ng katapatang pinunong espirituwal ay hindi maaaring bumagsak. Ito ay napakahalagang alalahanin muli na

ang puno ng katapatang pinunong espirituwal ay parehong kwalipikado at awtorisado ng kanya ring pinunong espirituwal.

Sa kasaysayan ng ISKCON mula pa noong 1977, mayroon noong bilang ng mga guru na bumagsak mula sa kabanalan. Kapag sila ay bumabagsak, anong klase ng deboto sila? Buong linaw na pangatlong klase. Paano sila magiging mga guru?

Kung totoong sila ay nabigyang kapangyarihan at inawtorisa ni Śrīla Prabhupāda na maging kanyang kapalit sa sagradong pagkakasunud-sunod ng mga disipulo, bakit ngayon sila babagsak? Ang ilan sa kanila ay opisyal na bumagsak subali‘t ang karamihan, bagama‘t bumagsak na, ay hindi opisyal na binansagan bilang gayon sapagka‘t ang pagbagsak sa ISKCON, sa paano man ay iniuugnay lamang sa hindi naaangkop na pag-uugaling sekswal.

Ang **pagbagsak** mula sa serbisyong debosyonal ay nangangahulugan na ang maysala ay humahantong maaaring bilang **siya na tinatamasa ang kasiyahan ng pandama (sense gratifier)** at/o **siya na isang impersonalista**. Si **Saubhari Muni** ay nagkasala kay Garuda, ang tagapagdala kay Panginoong Visnu, at gayon pa man, siya ay **naging tagapagtamasa ng kasiyahan ng pandama (sense gratifier)** sa pamamagitan ng pagpapakasal sa limampung mga prinsesa bagama‘t siya ay naluklok na sa katas-taasang plataporma ng pagsasanay ng isang yogi. Si **Rāmacandra Purī**, isang disipulo ng katas-taasang ācārya Mādhavendra Purī, ay **naging isang impersonalistang Māyāvādī** sa pamamagitan ng pagkakasala sa kanyang pinunong espirituwal. Kailangan nating matuto mula sa mag halimbawang ito. Pareho sa mga resultang ito ay inoobserbahan sa ISKCON ngayon subali‘t ang pagkakataon tungo sa impersonalismo, kahit papaano ay hindi kinikikilala bilang paglihis o pagbagsak.

Higit pa man, sapagka‘;t hindi ibinigay ni Śrīla Prabhupāda ang kapangyarihan sa kahit kanino man na maging isang dīkṣā guru, sa pamamagitan lamang ng kakaibang pagkuha ng posisyong ito o sa pamamagitan ng rekomendasyon ng mga may maling akalang GBC, ang sino man ay maituturing na nagtanim na ng binhi ng pagkakasala sa lotus feet ni Śrīla Prabhupāda at panahon lamang ang makapagbubunyag ng bunga nito kahit na kung hindi pa man ngayon. Tayo ay hindi nananalangin para sa mga ganitong pagbagsak subalit inihahayag natin ang natural na kahihinatnan ng pagkakasala sa isang dalisay na deboto at ang Tagapagtatag-(Founder)-Ācārya ng ISKCON.

Narito ang ilan sa mga regulasyon sa pag-uugali para sa mga tumanggap sa patakaran ng pagrerenunsiya na nilabag ng karamihan sa kasalukuyang binansagang mga guru, kung kaya sila ay nagkasala kay Śrīla Prabhupāda.

*padāpi yuvatīm bhikṣur na spṛśed dāravīm api*
*spṛśan karīva badhyeta kariṇyā anga-sangataḥ*

“Ang isang banal na tao ay nararapat na hindi hawakan ang isang batang babae. Sa katunayan, hindi rin niya dapat hayaan na madikit ang paa niya kahit sa manikang gawa sa kahoy sa hubog ng isang babae. Sa pagkakadikit ng katawan sa isang babae, siguradong siya ay mabibihag ng ilusyon, gaya na lamang ng isang elepante na nabihag ng isang babaeng elepante dahil sa pagnanais nitong hawakan ang kanyang katawan."

— Śrīmad Bhāgavatam 11.8.13

*strīṇām nirīkṣaṇa-sparśa- samlāpa-kṣvelanādikam*
*prāṇino mithunī-bhūtān agṛhastho ’gratas tyajet*

“Iyong mga hindi kasal — sannyāsīs, vānaprasthas at brahmacārīs — ay kinakailangang hindi makisalamuha sa mga kababaihan sa pamamagitan ng pagsulyap, paghawak, pakikipagtalakayan, pakikipagbiruan, o pakikipagpaligsahan. Gayon din, hindi sila maaaring makisalamuha sa kahit anong nilalang na may buhay na nakiki- ugnay sa mga gawaing sekswal.

— Śrīmad Bhāgavatam 11.17.33

*yadi na samuddharanti yatayo hṛdi kāma-jaṭā*
*duradhigamo ’satām hṛdi gato ’smṛta-kaṇṭha-maṇiḥ*
*asu-tṛpa-yoginām ubhayato ’py asukham bhagavann*
*anapagatāntakād anadhirūḍha-padād bhavataḥ*

“Ang mga miyembro ng patakaran ng pagrerenunsya (renounced order) na pumalyang hugutin ang pinag-ugatan ng mga huling bakas ng materyal na pagnanasa nasa kanilang mga puso ay mananatiling hindi dalisay, kaya naman hindi Mo sila hinahayaang maunawaan ka. Bagama‘t ikaw ay nasa mga puso nila, para sa kanila Ikaw ay tila isang alahas na isinusuot sa leeg ng isang lalaking lubusang nakalimutan na ito ay kanyang suot-suot. O Panginoon, iyong mga nagsasanay ng yoga para lamang sa pansariling kasiyahan ay kinakaailangang magdusa sa parusa kapwa sa kanyang buhay at sa mga susunod pa: mula sa kamatayan, na hindi sila lulubayan, at mula sa Iyo , na ang kaharian ay hindi nila maaabot."

— Śrīmad Bhāgavatam 10.87.39

“Sa pamamagitan ng hindi makatotohanang pagpapakita ng relihiyosong mga sentimyento, sila ay nagtatanghal ng isang palabas ng serbisyong debosyonal

habang patuloy na nakikibahagi sa lahat ng uri ng imoral na mga aktibidad. Sa ganitong paraan, sila ay pumapasa bilang mga pinunong espirituwal at mga deboto ng Diyos. Ang mga lumalabag sa mga relihiyosong prinsipyong ito ay walang respeto sa makapangyarihang ācāryas, ang banal na mga guro ng istriktong pagkakasunud-sunod ng mga disipulo. Hindi nila binibigyang halaga ang atas ng Vedas na ācāryopāsana — —Ang sino man ay kinakailangang sambahin ang ācārya" — at ang pahayag ni Kṛṣṇa sa Bhagavad-gītā (4.2) evam paramparā-prāptam, "Ang kataas-taasang siyensya ng Diyos na ito ay matatanggap mula pagkakasunud-sunod ng mga disipulo." Sa halip, para mailigaw ang mga tao sa pangkalahatan, sila mismo ay nagiging di-umano'y mga ācārya, subali't ni hindi nila sinusunod ang prinsipyo ng mga ācārya.

Ang mga taong tampalasan na ito ay ang pinakamapanganib na mga elemento ng lipunang pantao. Sapagka't walang panrelihiyong gobyerno, nagagawa nilang takasan ang kaparusahan ng batas ng estado. Hindi nila, paano man, kayang takasan ang batas ng Kataas-taasan, Siya na puno ng linaw na idineklara sa Bhagavad-gītā na ang mga naninibughong mga demonyo na nakabihis bilang mga relihiyosong propagandista ay nararapat na itapon sa pinakamadilim na sulok ng impiyerno (Bg 16.19-20). Pinatunayan ni Śrī Īśopaniṣad na ang mga huwad na relihiyonistang ito ay mapupunta sa pinakanakasusuklam na bahagi ng sanlibutan matapos makumpleto ng mga ito ang kanikanilang pang pinunong espirituwal na kalakalan, na ginagawa nila para lamang sa pansariling kasiyahan."

— Śrī Īśopaniṣad Mantra 12, Kahulugan

*śruti-smṛti-purāṇādi-pañcarātra-vidhim vinā*
*aikāntikī harer bhaktir utpātāyaiva kalpate.*

"Ang serbisyong debosyonal para sa Panginoon na hindi binbibigyang pansin ang awtorisadong literatura ng Vedas katulad ng mga Upaniṣad, Purāṇa, Nārada-pañcarātra, at iba pa, ay isa lamang walang kahalagahang abala sa lipunan."

— Bhakti-rasāmṛta-sindhu

Ano sa kinalaunan ang magiging tadhana ng mga tagasunod ng mga may salang ito?

*teṣām kupatha-deṣṭṝṇām patatām tamasi hy adhaḥ*
*ye śraddadhyur vacas te vai majjanty aśma-plavā iva*

"**Ang mga pinuno** na bumagsak patungo sa kamangmangan at **inililigaw ang mga tao** sa pamamagitan ng pagdadala sa kanila sa landas ng pagkawasak [katulad ng

inilarawan sa taludtod na nauna] sa kahihinatnan, **ay tila sumasakay sa bangkang gawa sa bato, gayon din ang mga pikit-matang sumusunod sa kanila**. Ang isang bangkang gawa sa bato ay hindi kakayaning lumutang at lulubog lamang sa tubig kasama ng mga nakasakay rito. Kahalintulad, iyong mga inililigaw ang mga katauhan, ay tutungo sa impiyerno, at ang mga tagasunod nila ay sasama sa kanila."

— Śrīmad Bhāgavatam 6.7.14

## 3.3: Paano Maiaayos ang Sitwasyon?

Ang sagot ay napakasimple. Ang isang tao ay kailangang wakasan ang hindi pagsunod kay Śrīla Prabhupāda at sundin ang ṛtvik na sistema ng mga inisasyon. Kung ang mga pinuno ng ISKCON ay magagawa ito, ito ay ang pinakamabuting bagay na magagawa nila at habangbuhay tayong magpapasalamat sa kanila.

Subali‘t kapag hindi nila ginawa ang gayon, hindi tayo maaaring manatiling kaayon nila sa pagkakasala sa pamamagitan ng pagsuporta sa kanila. Wala tayong pagpipilian kung hindi ang maglingkod nang nakahiwalay sa kanila, kasama ang mga debotong may kahalintulad na pag-iisip na seryoso sa pagbabalik kay Śrīla Prabhupāda sa dating kalagayan bilang ang natatanging dīkṣā guru, hanggang dumating ang panahon na ang pamunuan ng ISKCON ay mauunawaan ang sarili nilang kahangalan at pipiliing isaayos ito.

Para sa mga taong interesado sa pagsasaayos ng sitwasyon, ang unang bagay na bigyang pansin ay ang tagubilin ng pinunong espirituwal, ang kataas-taasag prinsipyo ng paggabay para sa isang disipulo.

*ācāryaṁ māṁ vijānīyān navamanyeta karhicit*
*na martya-buddhyāsūyeta sarva-deva-mayo guruḥ*

“Ang sino man ay kailangang malaman ang **ācārya bilang Ako at iwasang hindi siya galangin sa kahit anong paraan**. Ang sino man ay hindi dapat manibugho sa kanya, at ituring siya na ordinaryong tao, sapagka‘t siya ay kinatawan ng lahat ng mga demigod."

— Śrīmad Bhāgavatam 11.17.27

*mahatāṁ bahu-mānena dīnānām anukampayā*
*maitryā caivātma-tulyeṣu yamena niyamena ca*

“Ang dalisay na deboto ay kinakailangang gumawa ng serbisyong debosyonal sa pamamagitan ng pagbibigay ng pinakamataas na respeto sa pinunong espirituwal at sa mga ācārya. Kailangan niyang maging maawain sa mga mahihirap at makipagkaibigan sa mga tao na nasa katulad niyang antas, subali‘t ang lahat ng kanyang mga aktibidad ay kailangan gawin sa ilalim ng regulasyon at pagkontrola ng pandama (senses)."

— Śrīmad Bhāgavatam 3.29.17

“Ang pinunong espirituwal ay as good as ng Kataastaasang Personalidad ng Diyos, at kaya naman, ang isang tao na lubos na seryoso tungkol sa espiritruwal na pagsulong ay kailangang pahalagahan (regard) ang pinunong espirituwal sa ganitong paraan. Kahit ang kaliit-liitang paglihis mula sa pag-unawang ito ay maaaring lumikha ng disaster sa pag-aaral ng Vedas at austerities ng isang disipulo.”

— Śrīmad Bhāgavatam 7.15.27, Kahulugan

Ang sino man ay kailangang masusing pag-aralan ang ṛtvik na sistema ng mga inisasyon mula kapwa sa dokumentaryo at ebidensiya ng banal na kasulatan na sumusuporta rito at makumbinsi sa katotohanan at sa kinalaunan ay hayagan itong ipahayag sa mga taos-pusong mga deboto.

Ang isang tao ay maaaring matakot na magkasala sa nakatataas na mga Vaiṣṇava kapag siya ay tumanggi sa asosasyon ng tumaliwas na miyembro ng ISKCON na kung saan sa ISKCON ay itinuturing na mas nakatataas na Vaiṣṇava kay Śrīla Prabhupāda? Paano tayo magkakasala lotus feet niya o hayaan ang iba na gawin ang gayon? At paano na ang sino man ay tawaging Vaiṣṇava kung ang taong iyon ay kusang loob na nagkakasala kay Śrīla Prabhupāda? Ang mga ito ay nararapat na maging mga konsiderasyon ng isang taos-pusong deboto.

## 3.4: Paano Makikitungo sa mga Taong may Taliwas na Pananaw?

Sa isang taong inosente, maaari nating masusing ipahayag ang ating punto sa pamamagitan ng pagpapatibay sa pamamagitan ng śāstra katulad ng inihayag sa aklat na ito. Subali‘t maaaring maging marami ang lubusang tututol sa ṛtvik na sistema ng mga inisasyon kahit pa man ito ay kumpletong binigyan ng awtorisasyon ni Śrīla Prabhupāda. Ang sumusunod na mga taludtod ay nabibigay linaw sa atin kung paano makikisalamuha sa kanila:

*na sabhām praviśet prājñaḥ sabhya-doṣān anusmaran*
*abruvan vibruvann ajño naraḥ kilbiṣam aśnute*

"Ang isang matalinong tao ay hindi dapat pumasok sa isang kapulungan kapag alam niyang ang mga kasapi doon ay gumagawa ng mga hindi kaaya-ayang mga gawain. At kapag, sa pagpasok sa kapulungang iyon, ay hindi mo nagawang sabihin ang katotohanan, nakapagsabi ka ng hindi totoo o nakapagpahayag ka ng kamangmangan, ikaw ay siguradong magkakasala."

— Śrīmad Bhāgavatam 10.44.10

*nindām bhagavataḥ śṛṇvams tat-parasya janasya vā*
*tato nāpaiti yaḥ so 'pi yāty adhaḥ sukṛtāc cyutaḥ*

"Ang sino man na pumalyang kaagad na iwanan ang lugar kung saan nakaririnig siya ng kritisismo ukol sa Kataastaasang Panginoon o sa tapat Niyang mga deboto, ay siguradong babagsak, sa kabila ng kanyang makadiyos na katangian."

— Śrīmad Bhāgavatam 10.74.40

*īśvare tad-adhīneṣu bāliśeṣu dviṣatsu ca*
*prema-maitrī-kṛpopekṣā yaḥ karoti sa madhyamaḥ*

"Ang isang kalagitnaan o pangalawang klaseng deboto, na tinatawag na madhyama-adhikārī, ay nag-aalay ng kanyang pagmamahal sa Kataas-taasang Personalidad ng Diyos, nagsisilbing isang taos-pusong kaibigan sa lahat ng mga deboto ng Panginoon, nagpapakita ng awa sa mga taong kapos sa kaalaman na sadyang inosente at **hindi binibigyang halaga ang mga taong naninibugho sa Kataas-taasang Personalidad ng Diyos.**"

— Śrīmad Bhāgavatam 11.2.46

Ang isang tao ay kailangan ring hindi bigyang halaga ang mga taong naninibugho sa isang dalisay na deboto ng Kataas-taasang Panginoon katulad ni Śrīla Prabhupāda. Sa madaling salita, kung ang isang tao ay hinahamon ang posisyon ni Śrīla Prabhupāda bilang natatanging dīkṣā guru ns ISKCON, siay ay maituturing na naninibugho kay Śrīla Prabhupāda at nararapat na huwag bigyang pansin o ipag-walang bahala.

*mahatām bahu-mānena dīnānām anukampayā*
*maitryā caivātma-tulyeṣu yamena niyamena ca*

“Ang dalisay na deboto ay kinakailangang gumawa ng serbisyong debosyonal sa pamamagitan ng pagbibigay ng **pinakamataas na respeto sa pinunong espirituwal at sa mga ācārya**. Kailangan niyang maging mahabagin sa mga mahihirap at makipagkaibigan sa mga tao na kanyang kapantay, subali't ang lahat ng kanyang mga aktibidad ay kinakailangang gawin sa ilalim ng regulasyon at pagkontrol ng pandama."

— Śrīmad Bhāgavatam 3.29.17

**“Ang pagkakaibigan ay kinakailangang maitaguyod sa pagitan ng mga taong may magkahalintulad na mga interes at pagkakaunawa. Ang mga taong ito ay sinasabing mga sva jāti, ‘nasa magkatulad na kasta (caste).’ Ang isang deboto ay kailangang iwasan ang isang taong may pagkataong hindi na-aangkop sa pamantayang pang-unawa; kahit na siya ay Vaiṣṇava, o isang deboto ni Kṛṣṇa, kung ang pagkatao niya ay hindi wastong kumakatawan, siya ay nararapat na iwasan. Ang isang tao ay kinakailangang matatag na kontrolin ang kanyang pandama at ang kanyang isip at istriktong sundin ang mga batas at regulasyon, at nararapat na makipagkaibigan sa mga taong nasa parehong pamantayan.”**

— Śrīmad Bhāgavatam 3.29.17, Kahulugan

# Conclusion

Aming hinahangad na ang pagtitipong ito ng mga dokumentaryo at mga ebidensya mula sa banal na kasulatan ay nakapagkumbinsi sa inyo sa hindi mapag-aalinlangang posisyon ni Śrīla Prabhupāda bilang ang natatanging dīkṣā guru ng ISKCON, lalo na pagkatapos ng kanyang pisikal na paglisan. Ang kahit anong paghahabol ng sino man na ang ṛtvik na sistema ng mga inisasyon ay hindi saan man sinusuportahan ng kahit anong mga dokumento o banal na kasulatan o ng pagkakasunud-sunod ng mga disipulo ay nararapat na ituring na walang pinagbabasehan.

Gayon pa man, matapos basahin ang lahat ng ito, kung ang sino man ay hindi pa rin nananalig sa mga tagubilin at/o kusang-loob na hindi sinusunod ang mga tagubilin ni Śrīla Prabhupāda sa pamamagitan ng hindi pag-ayon sa awtorisadong ṛtvik na sistema ng mga inisasyon, ang mga sumusunod na taludtod mula sa Bhagavad-gītā ang magbubunyag ng kanilang kahihinatnan.

*ajñaś cāśraddadhānaś ca saṁśayātmā vinaśyati*
*nāyaṁ loko 'sti na paro na sukhaṁ saṁśayātmanaḥ*

“Subali't ang mga mangmang at walang pananalig na mga tao na pinagdududahan ang ibinunyag na mga banal na kasulatan ay hindi makaaaatim ng kamalayan ng Diyos. Sapagkat sa mapagdudang kaluluwa, walang kasiyahan ang naririto sa mundo gayon din sa sususnod."

— Bhagavad-gītā 4.40

*yaḥ śāstra-vidhim utsrjya vartate kāma-kārataḥ*
*na sa siddhiṁ avāpnoti na sukhaṁ na parāṁ gatim*

“Subali't siya na itinatapon ang mga atas banal na ng kasunuat kumikilos ayon sa sarili niyang kapritso, ay hindi matatamo ang pagiging perpekto, kahit na ang kasiyahan, gayon din ang kataas-taasang destinasyon."

— Bhagavad-gītā 16.23

Sa pagpapahayag ng mga ito, kung kailangan ninyo ang ilan pang mga klaripikasyon, huwag mag-atubiling magpadala sa aming email sa admin@srikrishnamandir.org.

Jaya Śrīla Prabhupāda! Hare Kṛṣṇa!

[WAKAS]

# Appendix A: Ang Pagsuusri ng Deklarasyon ng Habilin (Declaration of Will) ni Śrīla Prabhupāda (Kopya mula sa Orihinal)

Tridandi Goswami
A.C. Bhaktivedanta Swami
Tagapagtatag-Acharya:
International Society for Krishna Consciousness

SENTRO: Kṛṣṇa-Balarama Mandir, Bhaktivedanta Swami Marg, Ramanareti, Vṛndāvana, U.P. PETSA: Hunyo, 1977

DEKLARASYON NG HABILIN

Ako, si A.C. Bhaktivedanta Swami Prabhupāda, Tagapagtatag-Ācārya ong International Society for Kṛṣṇa Consciousness, Settlor ng Bhaktivedanta Book Trust, at disipulo ng Om Visnupada 108 Śrī Śrīmad Bhaktsiddhanta Sarasvati Gosvāmī Maharaj Prabhupāda, kasalukuyang naninirahan sa Śrī Kṛṣṇa-Balarama Mandir sa Vṛndāvana, ay ginawa ito bilang ang aking huling habilin:

1. Ang Governing Body Commission (GBC) ang siyang magiging kataas-taasang kapangyarihang mangangasiwa sa pangkalahatan ng International Society for Krishna Consciousness.

2. Ang bawat templo ay magiging pag-aari ng ISKCON at pangangasiwaan ng tatlong eksekutibong direktor. Ang sistema ng pangangasiwa ay magpapatuloy kagaya ng kung ano ito ngayon at **hindi nito kakailanganin ang kahit anong pagbabago.**

3. Ang mga Ari-arian sa India ay pangangasiwaan ng mga sumusunod na eksekutibong direktor:

    a. Mga Ari-arian sa Śrī Mayapur Dhama, Panihati, Haridaspur at Calcutta: Gurukrpa Swami, Jayapataka Swami, Bhavananda Gosvāmī at Gopāl Kṛṣṇa das Adhikari.

    b. Mga Ari-arian Vṛndāvana: Gurukrpa Swami, Akshoyananda Swami, at Gopāl Kṛṣṇa das Adhikari.

c. Mga Ari-arian sa Bombay: Tamāla Kṛṣṇa Gosvāmī, Giriraj das Brahmachary, at Gopāl Kṛṣṇa das Adhikari.

d. Mga Ari-arian sa Bhubaneswar: Gour Govinda Swami, Jayapataka Swami, at Bhagawat das Brahmachary.

e. Mga Ari-arian sa Hyderbad: Mahamsa Swami, Śrīdhar Swami, Gopāl Kṛṣṇa das Adhikari at Bali Mardan das Adhikari.

Ang mga eksekutibong direktor na naatasan rito ay hinihirang nang panghabang-buhay. Sa oras ng kamatayan o pagpalyang kumilos sa kahit anong kadahilanan ng sino man sa mga nasabing direktor, isang kapalit na direktor o mga direktor ang maaaring hirangin ng natitirang mga direktor, basta't ang bagong direktor ay aking disipulo na nabigyan ng inisasyon, istriktong sumusunod sa lahat ng mga panuntunan at regulasyon ng International Society for Kṛṣṇa Consciousness kagaya ng kung ano ang nakadetalye sa aking mga aklat, at basta't mayroong hindi kumulang sa tatlo (3) o higit sa limang (5) eksekutibong mga direktor na nanunungkulan nang magkakasabay.

4. Aking nilikha, pinaunlad at inorganisa ang International Society for Kṛṣṇa Consciousness, kaya naman kasama sa aking habilin na wala sa mga pag-aaring hindi natitinag na nakatayo sa pangalan ng ISKCON sa India ang kailanma'y maisasangla, maipapahiram, maibebenta, maililipat, o sa kahit anong paraan ay malimitahan (encumbered), maipatapon o mailipat ang pagmammay-ari (alienated). Ang direktiba na ito ay hindi mapapalitan.

5. Ang mga ari-ariang nasa labas ng India, ayon sa prinsipyo, ay hindi dapat maisangla, maipahiram, maibenta, mailipat, o sa kahit anong paraan ay malimitahan (encumbered), maipatapon o mailipat ang pagmamay-ari (alienated) subali't sa oras ng pangangailangan, ay maaaring maisangla, maipahiram, maibenta, at iba pa na may pahintulot ng mga miyembro ng komite ng GBC na nauugnay sa partikular na pag-aaring ito.

6. Ang mga ari-ariang nasa labas ng India at ang nauugnay na mga miyembro ng komite ay ang mga sumusunod:

    a. Mga Ari-arian sa Chicago, Dettroit at Ann Arbor: Jayatirtha das Adhikari, Harikesa Swami, at Balavanta das Adhikari.

b. Mga Ari-arian sa Hawaii, Tokyo, Hong Kong: Guru Krpa Swami, Rameswara Swami, at Tamāla Kṛṣṇa Gosvāmī.

c. Mga Ari-arian sa Melbourne, Sydney, sakahan sa Australia: Guru Krpa Swami, Hari Sauri, at Atreya Rsi.

d. Mga Ari-arian sa England (London Radlett), France, Germany, Netherlands, Switzerland at Sweden: Jayatirtha das Adhikari, Bhagavan das Adhikari, Harikesa Swami.

e. Mga Ari-arian sa Kenya, Mauritius, South Africa: Jayatirtha das Adhikari, Brahmananda Swami, at Atreya Rsi.

f. Mga Ari-arian sa Mexico, Venezuela, Brazil, Costa Rica, Peru, Ecuador, Colombia, Chile: Hrdayananda Gosvāmī, Panca Dravida Swami, Brahmananda Swami.

g. Mga Ari-arian sa Georgetown, Guyana, Santo Domingo, St. Augustine: Adi Kesava Swami, Hrdayananda Gosvāmī, Panca Dravida Swami.

h. Mga Ari-arian sa Vancouver, Seattle, Berkeley, Dallas: Satsvarūpa Gosvāmī, Jagadisa das Adhikari, Jayatirtha das Adhikari.

i. Mga Ari-arian sa Los Angeles, Denver, San Diego, Laguna Beach: Rameswara Swami, Satsvarūpa Swami, Adi Kesava Swami.

j. Mga Ari-arian sa New York, Boston, Puerto Rico, Port Royal, St. Louis, Sakahan sa St Louis: Tamāla Kṛṣṇa Gosvāmī, Adi Kesava Swami, Rameswara Swami.

k. Mga Ari-arian sa Iran: Atreya Rsi, Bhagavan das Adhikari, Brahmananda Swami.

l. Mga Ari-arian sa Washington D.C., Baltimore, Philadelphia, Montreal at Ottawa: Rupanuga das Adhikari, Gopāl Kṛṣṇa das Adhikari, Jagadisa das Adhikari.

m. Mga Ari-arian sa Pittsburgh, New Vṛndāvana, Toronto, Cleveland, Buffalo: Kirtanananda Swami, Atreya Rsi, Balavanta das Adhikari.

n. Mga Ari-arian sa Atlanta, Sakahan sa Tennessee, Gainesville, Miami, New Orleans, Sakahan sa Mississippi, Houston: Balavanta das Adhikari, Adi Kesava das Adhikari.

o. Mga Ari-arian sa Fiji: Hari Sauri, Atreya Rsi, Vasudev.

7. Aking dinedeklara, sinasabi at kinukumpirma na lahat ng mga ari-arian, kapwa natitinag at hindi natitinag, na nakatayo sa ilalim ng aking pangalan, kasama ang kasalukuyang mga account, mga savings accounts at fixed deposits sa iba't ibang mga bangko, ang mga ari-arian at assets ng International Society for Kṛṣṇa Consciousness, at ang mga tagapagmana at kahalili ng nakaraan kong buhay o kahit sino man na maghahabol sa pamamagitan nila, ay walang karapatan, ma-aangkin, o interes sa mga ari-arian na ito, ano pa man, matangi at maliban sa kondisyon matapos rito.

8. Bagama't ang pera na nasa aking personal na pangalan sa iba't ibang mga bangko ay ginagastos para sa ISKCON at pag-aari ng ISKCON, ako ay nagtabi ng ilang mga depositong partikular na minarkahan upang maglaan ng buwanang panggastos na nagkakahalaga ng Rs. 1,000/- [hindi mabasang dagdag] sa mga miyembro ng dati kong pamilya (dalawang anak na lalaki, dalawang babae at asawa). Matapos ang kamatayan ng mga miyembro ng dati kong pamilya, ang mga partikular na depositong ito (korpus, interes, at ipon) ay magiging pag-aari ng ISKCON para sa korpus ng trust, at ang mga inapo ng dati kong pamilya o sino man na maghahabol sa pamamagitan nila ay hindi pagbibigyan ng kahit ano mang panggastos.

9. Sa pamamagitan nito, aking hinihirang sina Guru Krpa Swami, Hrdayananda Gosvāmī, Tamāla Kṛṣṇa Gosvāmī, Rameshwar Swami, Gopāl Kṛṣṇa das Adhikari, Jayatirtha das Adhikari and Giriraj das Brahmachary upang kumilos bilang mga tagapagpatupad ng habilin na ito. Ginawa ko ang habilin na ito ngayong ika-4 na araw ng Hunyo, 1977, na taglay ang kumpletong pandama at matunog na pag-iisip, nang walang panghihikayat, puwersa, o pagpilit mula sa kahit sino man.

Mga Saksi:
A.C. Bhaktivedanta Swami

Ang habilin sa itaas ay nilagdaan ni Śrīla Prabhupāda at tinatakan at sinaksihan ng mga sumusunod: Tamāla Kṛṣṇa Goswami, Bhagavan das Adhikari at marami ng iba pang mga saksi (ang mga lagda ay makikita sa orihinal na dokumento)

**CODICIL (KARAGDAGAN)**

Ako, si A.C. Bhaktivedanta Swami Prabhupāda, isang sannyasi at Tagapagtatag-Acharya ng International Society for Kṛṣṇa Consciousness, Settlor ng Bhaktivedanta Book Trust at disipulo ng Om Visnupada 108 Śrī Śrīmad Bhaktisiddhanta Saraswati Gosvāmī Mahārāja Prabhupāda, ay kasalukuyang nainirahan sa Śrī Kṛṣṇa-Balarama Mandir in Vṛndāvana, sa ngayon ay ginagawa ang huling Habilin at codicil upang mailabas ang aking intensiyon, at linawin ang mga bagay na sa partikular na saklaw ay bahagyang malabo sa nakaraan kong Habilin noong ika-4 ng Hunyo, 1977, bilang sumusunod:

Ako ay gumawa ng Habilin noong ika-4 ng Hunyo, 1977, at gumawa ng ilang mga paglalaan dito. Isa na rito ay ang paglalaan ng pantustos kay Śrī M.M. De, Brindaban Chandra De, Binibining Bhakti Lata De at Smt. Sulurmana Dey, na silang isinilang sa akin noong panahon ng aking grhastha ashram, at Smt. Radharani De, ang aking asawa sa grhastha ashram para sa kanilang pamumuhay kung saan nakasaad sa talata 8 ng nasabing Habilin. At dahil sa maingat na konsiderasyon, nararamdaman ko na ang nasabing talata sa katunayan ay hindi naglalarawan ng aking mga intensiyon, kaya naman sa ngayo'y pinagtuunan ko bilang pagsasaalang-alang, na si Smt. Radharani De, ay makakuha ng Rs. 1,000/- kada buwan para sa kanyang pamumuhay mula sa interes na kikitain galing sa fixed deposit ng nga Rs. Isang Lakh at Dalawampung Libong para gawin ng ISKCON sa bawat bangko kung saan ang awtoridad ng nasabing lipunan ay maaaring makapag-isip nang wasto sa loob ng 7 taon sa ngalan ng ISKCON, kung saan ang halaga ay hindi magagamit ng kahit sino man sa kanyang mga inapo at matapos ang kanyang kamatayan ang nasabing halaga ay ilalaan ng ISKCON sa anumang paraang sa tingin ng awtoridad ng ISKCON ay wasto sa mga bagay ng lipunan nito.

Bilang pagsasaalang-alang kina Śrī M.M. De, Śrī Brindaban Chandra De, Smt. Sulurmana Dey at Binibining Bhaktilata De, ang ISKCON ay magdedeposito ng Rs. Isang Lakh Dalawampung Libo sa ilalim ng 4 na hiwa-hiwalay na mga resibo ng Fixed Deposit kung saan ang bawat isa ay Rs. 1,20,000/- sa loob ng pitong taon sa bangko upang kumita ng interes na hindi bababa sa Rs. 1,000/- kada buwan sa ilalim ng bawat resibo. Mula sa nabanggit na halagang Rs. 1,000/-, tanging Rs. 250/- kada buwan ang ibabayad mula sa interes ng kaukulang mga resibo ng Fixed Deposit. Ang natitirang interes na Rs. 750/- ay idedepositong muli sa ilalim ng bagong resibo ng Fixed Deposit sa kaukulan nilang mga pangalan sa loob ng pitong taon. Sa takdang panahon ng pag-mature ng mga resibo ng Fixed Deposit na nagmula sa Rs. 750/- na buwanang interes sa unang pitong taon, ang nasabing mga kabuuan ay kailangang ipuhunan ng bawat pangalang nabanggit sa itaas sa ilang mga Bonds ng Gobyerno, mga resibo ng Fixed Deposit o sa pamamaraang pang deposito ng Gobyerno o kailangnag ipambili ng ilang mga hindi natitinag na kahit

anong ari-arian o mga ari-arian upang ang halaga ay manatiling ligtas at hindi nauubos. Sa pagkakataon, gayunpaman, na ang mga pangalang nasa itaas o kahit sino sa kanila ay lumabag sa mga kondisyong ito at gamitin ang nasabing halaga sa layunin o mga layunin liban sa nabanggit sa itaas, ang awtoridad ng ISKCON ay malayang tigilan ang pagbabayad ng buwanang pagtustos ng taong iyon o ng mga taong iyon mula sa orihinal na mga Fixed Deposit ng Rs. 1,20,000/- at sa halip ay ibibigay nila ang halaga ng interes ng Rs. 1,000/- kada buwan sa Bhaktivedanta Swami Charity Trust. Ito ay ginawang malinaw na ang mga inapo ng mga taong nabanggit ay walang karapatan sa kahit ano sa nasabing mga halaga at ang mga halagang ito ay para lamang sa personal na gastusin ng taong iyon mula sa kanyang dating buhay sa loob lamang ng kaukulan nilang buhay.

Ako ay naghirang ng ilang mga tagapagpatupad ng nabanggit kong Habilin. Ngayon ay idinadagdag ko rito ang pangalan ni Śrī Jayapataka Swami, ang aking disipulo, na naninirahan sa Śrī Mayapur Chandrodoya Mandir, Dist. Nadia, West Bengal, bilang tagapagpatrupad ng nasabi kong Habilin kasama ng ibang pangalan na una ko nang nabanggit sa Habilin noong ika-4 ng Hunyo, 1977. Sa ngayon ay karagdagan ko pang ididirekta na ang aking mga tagapagpatupad ay magkaroon ng kalayaang kumilos nang sama-sama o isa-isa upang mapunan ang kanilang mga obligasyon sa nabanggit kong Habilin.

Kaya naman, aking binabago rito, inaayos, at iniiba ang nasabi kong Habilin noong ika-4 ng Hunyo, 1977, sa pamamaraang nabanggit sa itaas. Sa lahat ng iba pang aspeto, ang nasabing Habilin ay mananatiling kagaya ng dati at habang panahon na mananatiling kagaya ng dati.

Samakatuwid, ang Karagdagan ng Habilin (Will Cocidil) na ito ay ginagawa ko, sa ika-5 araw ng Nobyembre, 1977, sa kabuuan ng aking konsensya at nang may matunog na pag-iisip nang walang kahit anong panghihikayat, puwersa, o pagpilit mula sa kahit kanino.

Saksi: (ang mga lagda ay makikita sa orihinal na dokumento) A. C. Bhaktivedanta Swami

# Appendix B: Tamāla Kṛṣṇa's Confession [Dec 3, 1980]

**Tamāla Kṛṣṇa Gosvāmī:** "May mga napagtantuan ako nitong mga ilang araw na lumipas. [...] Napakaraming malinaw na mga pahayag ni Śrīla Prabhupāda na ang kanyang Guru Mahārāja ay hindi naghirang ng kapalit.. [...] Kahit sa mga aklat ni Prabhupāda, sinasaabi niyang ang guru ay nangangahulugang sa pamamagitan ng kuwalipikasyon. [...]

Ang inspirasyon ay dumating sapagka't mayroong katanungan sa aking parte, kaya naman si Krsna ay nagsalita. Sa katunayan, hindi naghirang si Prabhupāda ng sino mang guru. [...] Siya ay naghirang ng labing-isang ṛtvik. Sila ay hindi niya hinirang na mga guru. Ako at ang iba pang GBC ay gumawa ng pinakamasamang serbisyo sa kilusang ito sa huling tatlong taon dahil ang paghirang ng mga ṛtvik ay binigyan naming ng kahulugan na paghirang ng mga gurus."

Kung ano man ang talagang nangyari ay aking ipaliliwanag. Ipinaliwanag ko ito, subali't ang interpretasyon ay hindi tama. Ang talagang nangyari ay si Prabhupāda ay nagbanggit na maaari siyang maghirang ng ilang mga ṛtvik, kaya ang GBC ay nagpulong sa iba't ibang kadahilanan, at sila ay nagtungo kay Prabhupāda, lima o anim sa amin. (Ito ay tumutukoy sa pagpupulong noong Mayo ika-28,1977). Tinanong namin siya, 'Śrīla Prabhupāda, pagkatapos ng iyong paglisan, kapag kami ay tumanggap ng mga dispulo, kaninong mga disipulo sila, sa iyong disipulo o sa amin? '

Sa katagalan, nagkaroon ng salansan na listahan ng mga taong bibigyan ng inisasyon, at ito'y lalong dumami. Sinabi ko, 'Śrīla Prabhupāda, minsan mong nabanggit sa amin ang tungkol sa mga ṛtvik. Hindi ko alam kung ano ang gagawin. Ayaw ka sana naming lapitan, subali't nagkaroon ng daan-daang mga debotong nabigyan ng mga pangalan, at hawak ko lamang ang lahat ng mga liham. Hindi ko alam kung ano ang gusto mong gawin'.

Sinabi ni Śrīla Prabhupāda, 'Sige, ako ay maghihirang ng marami...,' at sinimulan niya silang pangalanan [...] Ginawa niyang malinaw na sila ay kanyang mga disipulo. Sa puntong iyon, ito ay sadyang malinaw sa aking isip na sila ay kanyang mga disipulo. Hindi naglaon, binigyan ko siya ng dalawang katanungan, una: 'Paano si Brahmananda Swami?' Tinanong ko siya nito dahil ako ay mangyaring may pagtatangi kay Brahmananda Swami. [...] Kaya sinabi ni Śrīla Prabhupāda, 'Hindi, maliban na lamang kung siya ay kuwalipikado'. Bago ko simulang gawin ang liham, tinanong ko siya, pangalawa: 'Śrīla Prabhupāda ito lang ba lahat o gusto mo pang dagdagan?'. Sinabi niya, 'Kung kinakailangan, ang iba ay maaaring idagdag.'

Ngayon ay naunawaan ko na ang ginawa niya ay sadyang malinaw. Hindi na niya kaya sa pisikal na aspeto ang magbigay ng inisasyon kaya naman naghirang siya ng mga maglilingkod bilang mga pari para magbigay ng inisasyon sa ngalan niya. Hinirang niya ang labing-isa, at sinabi niya nang malinaw, 'Kung sino ang pinakamalapit, siya ang maaaring magbigay ng inisasyon'. Ito ay napakahalagang punto, sapagka't pagdating sa pagbibigay ng inisasyon, kapag hindi naging kung sino ang pinakamalapit, ito ay nagiging kung saan malapit ang puso mo. Kung kanino (mo) inilalaan ang pananampalataya mo, sa kanya ka humihingi ng inisasyon. Subali't kung ito ay nanunungkulan (officiating), ito ay kung sino ang pinakamalapit, at ito ay kanyang pinaglinaw. Pinangalanan niya sila. Sila ay ipinakalat niya sa iba't ibang bahagi ng mundo, at sinabi niyang, ' Kung sino man ang pinakamalpit sa iyo, puntahan mo lang ang taong iyon, at ikaw ay susuriin nila. Pagkatapos, sa ngalan ko, sila ay magb ibigay ng inisasyon.'

Ito ay hindi isang katanungan na kung ilalaan mo ba ang pananampalataya mo sa taong iyon—wala iyon. Iyon ay tungkulin para sa guru. 'Upang mapamahalaan ko nang maayos ang kilusang ito', sinabi ni Prabhupāda, 'Kailangan kong magtatag ng GBC at hihirangin ko ang sumusunod na mga tao. Upang mapanatili kong maayos ang proseso ng pagsali ng mga tao sa ating kilusan at makakuha ng inisasyon, kailangan kong maghirang ng mga pari upang ako ay tulungan sapagka't kagaya nito, hindi ko kayang pamahalaan nang pisikal ang bawat isa, hindi ko kayang pisikal na bigyang inisasyon ang bawat isa nang ako lang."

At iyon lamang ang lahat, at wala nang karagdagan pa rito. Kung may karagdagan pa rito, maipupusta mo ang naititira mong dolyar na si Prabhupāda ay magsasalita nang kung ilang araw at oras at linggo hanggang sa wakas tungkol sa kung paano maitatatag ang bagay na ito ukol sa mga guru, subali't hindi niya ginawa, sapagka't nasabi na niya nang makamilyong beses. Sabi niya: Ang aking Guru Mahārāja ay hindi naghirang ng sino man. Ito ay sa pamamagitan ng kuwalipikasyon.' Kami ay nakagawa ng napoakalaking pagkakamali. Pagkatapos ng paglkisan ni Prabhupāda, ano ang posisyon ng labing-isang taong ito? [...]

Ipinakita ni Prabhupāda na hindi lamang ito para sa sannyāsī. Nagbanggit siya ng dalawang tao pa na mga grihasta, na kahit papaano ay magiging mga ṛtvik, nagpapakita lamang na sila ay kapantay sa kahit sinong sannyāsī. Kaya sino mang espirituwal na kuwalipikado—palagi itong mauunawaan na hindi ka maaaring tumanggap ng mga disipulo sa presensya ng iyong guru, subali't kapag ang guru ay nawala, maaari kang tumanggap ng mga disipulo kapag ikaw ay kuwalipikado at kapag ang sino man ay handang maglaan ng kanyang pananampalataya sa iyo. Siyempre, sila (ang mga inaasahang maging mga dispulo) ay kinakailangang ganap na sinuri kung paano makikilalala kung sino ang karapat-dapat na guru. Subali't kung ikaw ay isang karapat-dapat na guru, at ang presensya ng iyong guru ay wala

na, iyon ay karapatan mo. Ito ay katulad nang ang tao ay kayang magparami. [...] Sa Kasamaang palad, ang GBC ay hindi napansin ang puntong ito. Agad nilang (inakala, pinagdesisyunan) na ang labing-isang taong ito ay pinili bilang mga guru. Kaya kong sabihin nang sigurado sa sarili ko, at kung saan humihingi ako ng mapagpakumbabang patawad mula sa bawat isa, na tahasang nagkaroon ng makailang antas ng panunubok na magkontrol. [...] Ito ang nakatakdang pagkatao, at ito ay lumabas sa pinakamataas na posisyon ng lahat, "Guru, oh kahanga-hanga! Ngayon ako ay isa nang guru, at may labing-isa lamang sa amin" [...] Pakiramdam ko na itong pagkakatanto o itong pagkakaunawang ito ay mahalaga kung nais nating maiwasan ang iba pang mga bagay na mangyari, sapoagkja't maniwala ka sa akin, ito ay mauulit. Ito ay katanungan lamang ng panahon, kapag ang mga bagay ay unti-unti nang humupa, muli, isa na namang panibagong insidente ang magganap, kahit dito pa sa L.A. o kahit saan pa. Tuluy-tuloy itong magaganap hanggang pahintulutan mong ang aktuwal na puwersang espirituwal ni Kṛṣṇa ang lumabas nang walang restriksiyon. [...] Pakiramdam ko na ang kinatawan ng GBC, kapag hindi nila ipinagtibay ang puntong ito agad-gad, kapag hindi nila napagtantuan ang katotohanang ito: Hindi mo maaaring ipakita ang kahit ano sa akin sa tape o sa kasulatan kung saan sinasabi ni Prabhupāda: "Hinihirang ko ang labing-isang ito bilang mga guru". Hindi ito umiiral dahil hindi naman siya naghirang ng sino mang mga guru. Ito ay kathang-isip. [...] Ang araw na ikaw ay nabigyang inisasyon, nagkaroon ka ng karapatang maging ama kapag ang ama mo ay nawala, kung ikaw ay kuwalipikado. Walang paghihirang. Hindi kinakailangan ang paghihirang dahil walang isa man. "

[Note: Dito ipinahayag ni Tamāla Kṛṣṇa na ang isa ay awtomatikong nagmamana ng karapatang maging guru matapos ang paglisan ng kanayang guru, basta't siya ay kuwalipikado. Ito ay kanyang pananaw. Subali't katulad ng sinasabi sa Kabanata 2.2.2: Pahintulot ng Dīkṣā Guru (pahina 26) ng aklat na ito, nilinaw ni Śrīla Prabhupāda ang punto na maliban sa pagiging kuwalipikado, ang isang dalisay na deboto ay kailangang bigyan ng pahintulot ng kanyang guru upang maging guru. ]